DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
**ISSN:3116-4692**

# Higit sa Bato at Tubig: Isang Tematikong Pagsusuri sa Espasyo, Kapangyarihan, Kultura sa Alamat ng Atulayan, at mga Implikasyon Nito sa Inklusibong Edukasyon at Digital na Pamana

Ruperto D. Jordan [1*] Janice M. Agam [2], Jessabel B. Grimpula [3], Luz B. Pusing [4], Laira B. Pusing [5], Estela D. Erivera [6], Casiana D. Erivera [7], Marvin M. Escolano [8], Ma. Sheila M. Simat [9]
[1] SPED Teacher, United Arab Emirates
[2] Atulayan Elementary School
[3] Atulayan Child Development Center
[4] Villa San Isidro Elementary School
[5] Villa San Isidro National High School
[6] Caregiver, Quebec, Canada
[7] Teacher-Caregiver, Quebec, Canada
[8] Bangkok International School, Thailand
[9] Philippine Normal University South Luzon
[*] janice.agam@deped.ph , jessabelbgrimpula31@gmail.com , luzviminda@deped.gov.ph, laira.pusing@deped.gov.ph , estela.erivera@gmail.com , casianaerivera1203@gmail.com, jordan32767@gmail.com , marvinescolano29@gmail.com , simat.msm@pnu.edu.ph

Petsa ng Pagsumite:
**Agosto 06, 2026**

Petsa ng Pagtanggap:
**Setyembre 03, 2026**

Petsa ng Paglathala:
**Setyembre 17, 2026**

DOI:
**10.5281/zenodo.22810668**

**Abstrak**

Ang mga kuwentong-bayan at alamat ay nagsisilbing mahalagang imbakan ng kolektibong gunita, panlipunang karanasan, at kultural na pagkakakilanlan ng isang komunidad. Sinuri sa kwalitatibong pag-aaral na ito ang *Alamat ng Barangay Atulayan* bilang isang tekstong kultural na naglalaman ng lokal na kaalaman, kolektibong alaala, at pagkakakilanlang pangkomunidad. Nakapaloob ang alamat sa Compilation of the Legends of Calauag, isang koleksiyon ng mga alamat na tinipon ng mga guro ng Calauag noong 1963. Inilalarawan ng alamat ang mga karanasan hinggil sa espasyo, migrasyon, tunggalian, at sakripisyo ng mga pangkat na tinutukoy sa salaysay bilang Baluga at Aeta. Ginamit sa pagsusuri ang Reflexive Thematic Analysis (RTA) nina Braun at Clarke (2021) upang matukoy ang mga umuusbong na tema hinggil sa espasyo, kapangyarihan, kultura, at pagkakakilanlan. Isang mahalagang katangian ng pag-aaral ang paggamit ng insider–outsider positionality, kung saan pinagsama ang lokal na kaalaman ng mga mananaliksik na may ugnayan sa Barangay Atulayan at ang akademikong pananaw ng isang dalubhasang katuwang mula sa Philippine Normal University South Luzon upang makabuo ng repleksibo at balanseng interpretasyon ng alamat. Ipinakita ng pagsusuri na ang mga espasyo, simbolo, at pangyayari sa alamat ay nagsisilbing tagapagdala ng kolektibong alaala, ugnayang panlipunan, kapangyarihan, at pagkakakilanlan ng komunidad. Ang mga pook tulad ng Ilog Bung-awan at Tulay na Bato ay lumalampas sa pagiging mga tagpuan ng naratibo at nagiging mga simbolikong espasyo ng kasaysayan at patuloy na pagbuo ng identidad. Lumitaw din na ang alamat ay hindi lamang salaysay ng pinagmulan kundi isang buhay na daluyan ng kulturang lokal na patuloy na binibigyang-kahulugan ng komunidad. Higit pa rito, ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang mga lokal na naratibo ay maaaring magsilbing mahalagang sanggunian sa pagpapanatili ng

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

pamanang kultural at sa pagbuo ng inklusibo, kulturang sensitibo, at kontekstuwalisadong edukasyon sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa lokal na kaalaman, karanasan, at pakikilahok ng komunidad. Sa kabuuan, nag-aambag ang pag-aaral sa dokumentasyon, pangangalaga, at pagpapayaman ng panitikang-bayan ng Atulayan, habang ipinakikita ang potensiyal ng mga lokal na alamat bilang batis ng kaalamang pangkultura, pagpapanatili ng pamanang kultural, at paglinang ng makabuluhang edukasyon sa digital na panahon.

**Mga Susing Salita:** *Alamat ng Barangay Atulayan, Insider–Outsider Positionality, Pamanang Kultural, Kulturang Sensitibong Edukasyon, Lokal na Kaalaman, Digital Heritage, Calauag, Quezon.*

## INTRODUKSIYON

Ang mga alamat at kuwentong-bayan ay higit pa sa mga salaysay ng pinagmulan ng isang lugar o pamayanan. Nagsisilbi ang mga ito bilang imbakan ng kolektibong alaala, karanasan, pagpapahalaga, at pagkakakilanlang pangkultura ng isang lipunan. Sa pamamagitan ng mga lokal na naratibo, naipapasa sa bawat salinlahi ang mga kuwento ng migrasyon, pakikibaka, ugnayan ng tao at kapaligiran, at iba pang karanasang humubog sa pagkatao ng isang komunidad. Ayon sa UNESCO (2003), ang mga tradisyong pasalita at iba pang anyo ng hindi materyal na pamanang kultural ay mahahalagang daluyan sa pagpapanatili at pagpapamana ng kaalaman, kasaysayan, at pananaw sa mundo ng mga pamayanan.

Sa pananaw ng pag-aaral ng kultura, ang mga alamat ay maaaring ituring na mga tekstong panlipunan na naglalaman ng mga kahulugang lumalampas sa literal na salaysay. Ipinanukala ni Geertz (1973) na ang kultura ay isang sistema ng mga kahulugang nililikha at binibigyang-kahulugan ng tao sa loob ng kaniyang kontekstong panlipunan. Sa ganitong pananaw, nagiging mahalagang batis ang mga alamat sa pag-unawa kung paano nabubuo ang kolektibong pagkakakilanlan, kung paano iniuugnay ng isang komunidad ang sarili sa espasyong ginagalawan nito, at kung paano nahuhubog ang mga ugnayang panlipunan at estruktura ng kapangyarihan. Dahil dito, ang alamat ay hindi lamang nagsisilbing tala ng nakaraan kundi isang buhay na tekstong patuloy na binibigyang-kahulugan ng bawat salinlahi.

Sa Pilipinas, ang mga lokal na alamat ay mahalagang bahagi ng panitikang-bayan sapagkat nag-uugnay ang mga ito sa kasaysayan, heograpiya, kultura, at pagkakakilanlan ng mga pamayanan. Marami sa mga alamat na ito ang nakaugat sa mga elementong pangkalikasan tulad ng kabundukan, ilog, dagat, kagubatan, at iba pang pook na nagkakaroon ng makasaysayan at kultural na kahulugan sa kamalayan ng komunidad (Ahi, Yaya, & Özsoy, 2014). Gayunman, marami sa mga alamat na nagmumula sa maliliit na pamayanan, kabilang ang *Alamat ng Barangay Atulayan*, ang nananatiling kulang sa dokumentasyon at masusing akademikong pagsusuri. Dahil dito, nalilimitahan ang pagkilala sa mga lokal na naratibo bilang mahahalagang sanggunian sa pag-unawa sa ugnayan ng espasyo, kapangyarihan, kultura, at kolektibong pagkakakilanlan. Ipinahihiwatig nito ang pangangailangan para sa mga pag-aaral na hindi lamang nagdodokumento ng mga alamat kundi nagsusuri rin sa mga ito bilang mga tekstong kultural na may mahalagang ambag sa panitikan, pag-aaral ng kultura, at edukasyon.

Ang ganitong pananaw ay umaayon sa mga patakarang pang-edukasyon at legal na balangkas ng Pilipinas na nagtataguyod ng pagkilala sa lokal na konteksto, kultura, at pagkakaiba-iba ng karanasan ng mga mag-aaral. Sa ilalim ng Republic Act Blg. 10533 o *Enhanced Basic Education Act of 2013*, binibigyang-diin ang kahalagahan ng isang kurikulum na tumutugon sa lokal na pangangailangan, kultura, at konteksto ng mga pamayanan (Republic of the Philippines, 2013). Kaugnay nito, kinikilala rin sa Republic Act Blg. 8371 o *Indigenous Peoples' Rights Act of 1997* ang mga karapatan ng *Indigenous*

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

*Cultural Communities/Indigenous Peoples* sa kanilang kultura, tradisyon, at mga sistemang kaalaman, na nagbibigay ng mahalagang legal na batayan sa pagkilala at pangangalaga sa kanilang pamanang kultural sa mga gawaing pang-edukasyon (Republic of the Philippines, 1997). Itinatag naman ng Department of Education ang *National Indigenous Peoples Education Policy Framework* sa pamamagitan ng DepEd Order Blg. 62, s. 2011, na nagsusulong ng *culturally responsive* at *rights-based* na edukasyon para sa mga katutubong pamayanan (Department of Education, 2011). Pinalakas pa ito ng *Indigenous Peoples Education Curriculum Framework* sa ilalim ng DepEd Order Blg. 32, s. 2015, na nagtataguyod ng lokalisasyon at indigenisasyon ng kurikulum batay sa kaalaman, kultura, at konteksto ng mga pamayanan (Department of Education, 2015). Sa ganitong balangkas, nagiging makabuluhan ang paggamit ng mga lokal na alamat bilang mga kagamitang pangkultura at pang-edukasyon na maaaring magpalalim sa kontekstuwalisado, inklusibo, at kulturang sensitibong pagkatuto.Pinagtitibay ito ng naunang pag-aaral nina Jordan at Simat (2026), na nagpakitang ang mga lokal na alamat ay nagsisilbing imbakan ng kolektibong alaala at pagkakakilanlang pampamayanan. Sa kanilang pagsusuri sa *Alamat ng Calauag*, ipinakita na ang mga simbolong pangkalikasan ay maaaring magsilbing representasyon ng ugnayan ng tao, kapaligiran, at kasaysayan. Gayunman, higit na nakatuon ang kanilang pag-aaral sa simbolikong pagbasa ng alamat at hindi nito lubusang natalakay ang ugnayan ng espasyo, kapangyarihan, kultura, at posisyonalidad ng mananaliksik sa pagbuo ng kahulugan. Ipinakikita nito ang pangangailangan para sa isang mas repleksibo at m as malalim na pagsusuri sa mga lokal na alamat.

Sa konteksto ng Barangay Atulayan sa Calauag, Quezon, ang lokal na alamat ay nagsisilbing mahalagang tala ng kolektibong karanasan ng komunidad. Isinasalaysay nito ang migrasyon, tunggalian, sakripisyo, pakikipagtulungan, at pagbuo ng ugnayan ng mga pangkat na naging bahagi ng kasaysayan ng lugar. Higit pa sa pagpapaliwanag sa pinagmulan ng pangalan ng pamayanan, ang alamat ay maaaring suriin bilang isang tekstong kultural na naghahayag ng mga pananaw hinggil sa espasyo, kapangyarihan, kolektibong alaala, at pagbuo ng pagkakakilanlan.

Sa loob ng alamat, ang mga pook tulad ng Amuyao, Ilog Bung-awan (Ilog Atulayan), Pangahoy (Barangay Santo Angel), at Tulay na Bato ay humihigit sa kanilang pisikal na anyo at nagiging mga espasyong nagtataglay ng makasaysayan at kultural na kahulugan. Ayon kay Lefebvre (1991), ang espasyo ay hindi isang neutral na lalagyan ng mga pangyayari kundi isang produktong panlipunan na nalilikha sa pamamagitan ng mga karanasan, gawain, at ugnayan ng kapangyarihan. Sa ganitong lente, nagiging mahalagang suriin kung paano nagiging mga espasyong kultural ang mga heograpikal na pook at kung paano nagsisilbi ang mga ito bilang tagapagdala ng kolektibong alaala at pagkakakilanlan ng komunidad. Kasabay nito, nagbibigay ang *Foucauldian perspective* ng lente upang maunawaan ang mga dinamika ng kapangyarihan, pamumuno, at pagbubukod na nakapaloob sa naratibo, samantalang pinayayaman ng *Archetypal Criticism* ang pagsusuri sa mga simbolo at motif na paulit-ulit na lumilitaw bilang bahagi ng kolektibong imahinasyon at karanasan ng pamayanan.

Sa kabila ng lumalawak na interes sa pag-aaral ng mga lokal na naratibo, nananatiling limitado ang mga pananaliksik na gumagamit ng *reflexive qualitative approaches* sa pagsusuri ng mga alamat bilang mga tekstong kultural. Higit na kakaunti ang mga pag-aaral na nagsasanib ng pananaw ng mga *cultural insiders* at *academic outsiders* upang makabuo ng mas malalim at mas mapanuring interpretasyon. Sa kontekstong ito, nag-aambag ang kasalukuyang pag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng *Reflexive Thematic Analysis (RTA)* nina Braun at Clarke (2021), na pinayayaman ng *insider–outsider positionality* at *investigator triangulation*. Sa halip na ituring na magkahiwalay ang lokal na kaalaman at akademikong pagsusuri, kinikilala ng pag-aaral na ang kahulugan ay nabubuo sa patuloy na pag-uugnayan ng teksto, karanasan ng mananaliksik, at kontekstong panlipunan.

Batay sa mga nabanggit na konsiderasyong teoretikal, metodolohikal, at pang-edukasyon, isinagawa ang pag-aaral na ito upang suriin ang *Alamat ng Barangay Atulayan* bilang isang tekstong kultural. Ginamit ang RTA, na ginagabayan ng mga interpretatibong lente ng *Spatial Triad* ni Lefebvre (1991), *Foucauldian perspective*, at *Archetypal Criticism*, upang maunawaan kung paano inilalarawan sa alamat ang ugnayan ng espasyo, kapangyarihan, kultura, at kolektibong pagkakakilanlan. Nilalayon din ng pag-aaral na ipakita kung paano pinayayaman ng pagsasanib ng pananaw ng mga *cultural insiders* at *academic outsider* ang proseso ng interpretasyon, at kung paano maaaring magamit ang mga natuklasan sa pagpapanatili ng lokal na pamanang kultural at sa pagbuo ng mga kontekstuwalisado, inklusibo, kulturang sensitibo, at teknolohiyang pinagyamang kagamitang panturo.

**Layunin ng Pag-aaral**

Nilalayon ng pag-aaral na ito na suriin ang *Alamat ng Barangay Atulayan* bilang isang tekstong kultural gamit ang RTA nina Braun at Clarke (2021), na ginagabayan ng mga interpretatibong lente ng *Spatial Triad* ni Lefebvre (1991), *Foucauldian perspective* sa kapangyarihan, at *Archetypal Criticism.* Layunin nitong maunawaan kung paano inilalarawan sa alamat ang ugnayan ng espasyo, kapangyarihan, kultura, at kolektibong pagkakakilanlan, gayundin kung paano pinayayaman ng pagsasanib ng pananaw ng mga *cultural insiders* at *academic outsider* ang proseso ng interpretasyon. Higit pa rito, nilalayon din ng pag-aaral na matukoy ang mga implikasyon ng mga natuklasan sa pagpapanatili ng lokal na pamanang kultural at sa pagbuo ng mga kontekstuwalisado, inklusibo, at kulturang sensitibong kagamitang panturo na gumagamit ng mga angkop na digital na teknolohiya.

Partikular, nilalayon ng pag-aaral na:

1. masuri kung paano inilalarawan sa alamat ang mga heograpikal na pook bilang mga espasyong nagtataglay ng kultural, panlipunan, at makasaysayang kahulugan;
2. matukoy kung paano naipakikita sa alamat ang mga dinamika ng kapangyarihan, pamumuno, at ugnayang panlipunan sa loob ng pamayanan;
3. mabigyang-kahulugan ang mga simbolo, tradisyon, at iba pang elementong pangkultura bilang mga pagpapahayag ng kolektibong alaala, pagpapahalaga, at pagkakakilanlan;
4. masuri kung paano nakaimpluwensiya ang *insider–outsider positionality* ng mga mananaliksik sa proseso ng interpretasyon at *reflexive thematic analysis*;
5. maihambing ang mga pagkakatugma at pagkakaiba ng interpretasyon ng mga *cultural insiders* at *academic outsider* sa pamamagitan ng *investigator triangulation*; at
6. makapagbigay ng mga implikasyon para sa pagpapanatili ng lokal na pamanang kultural at sa pagbuo ng mga kontekstuwalisado, inklusibo, kulturang sensitibo, at teknolohiyang pinagyamang kagamitang panturo.

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pananaliksik na gumagamit ng pampanitikan at tekstwal na pagsusuri (*literary and textual analysis*) na may kultural na etnografikong sensibilidad at *reflexive approach*. Partikular na inilapat ang *Reflexive Thematic Analysis (RTA)* nina Braun at Clarke (2006, 2019, 2021) bilang pangunahing metodolohikal na lapit sa pagsusuri ng *Alamat ng Barangay Atulayan*. Sa pamamagitan ng RTA, sistematikong tinukoy, inayos, at binigyang-kahulugan ang mga umuusbong na tema mula sa teksto kaugnay ng tatlong pangunahing lente: espasyo, kapangyarihan, at

kultura. Ang paggamit ng tekstwal na pagsusuri ay kaayon ng mga naunang pag-aaral **(**Jordan, Birdsell & Simat, 2026; Jordan & Simat, 2026, Jordan, 2026).

Hindi lamang nakatuon ang pag-aaral sa literal na nilalaman ng alamat, kundi sa mas malalim na pagsusuri sa mga kahulugang panlipunan, simboliko, at kultural na nakapaloob sa naratibo. Kasabay nito, kinilala ng mga mananaliksik ang kanilang aktibong papel sa pagbuo ng interpretasyon sa pamamagitan ng prinsipyong *reflexivity*, kung saan isinasaalang-alang ang sariling posisyon, karanasan, at kaugnayan sa paksang sinusuri.

**Posisyonalidad ng mga Mananaliksik *(Insider-Outsider Reflexivity)***

Bilang bahagi ng kwalitatibong proseso, isinama sa pag-aaral ang masusing pagsusuri sa posisyonalidad ng pangkat ng mga mananaliksik. Walo sa siyam mananaliksik ay mga anak ng Barangay Atulayan na lumaki sa loob ng komunidad at nahubog ng lokal na wika, kultura, alaala, at karanasan ng pamayanan. Bagama't ang ilan sa kanila ay kasalukuyang naninirahan sa iba't ibang bansa at rehiyon dahil sa paghahanap ng mas malawak na oportunidad sa edukasyon at hanapbuhay, nananatili ang kanilang ugnayang kultural sa komunidad bilang pinagmulan ng alamat at bilang espasyong bahagi ng kanilang kolektibong alaala.

Ang ganitong posisyon bilang mga *cultural insiders* ay nagbigay ng kontekstuwal na pag-unawa sa mga simbolo, pook, at kahulugang lokal na nakapaloob sa *Alamat ng Barangay Atulayan*. Ang mga espasyong binanggit sa alamat, tulad ng Ilog Bung-awan, Pangahoy, at Tulay na Bato, ay hindi lamang sinuri bilang mga heograpikal na lokasyon sa loob ng naratibo, kundi bilang mga espasyong may kaakibat na alaala, karanasan, at kahulugang panlipunan na patuloy na kinikilala ng komunidad.

Gayunpaman, kinilala ng pangkat na ang pagiging malapit sa paksa ay maaari ring magdulot ng mga paunang pagpapalagay o romantisadong pagbasa. Dahil dito, isinailalim ng mga mananaliksik ang kanilang interpretasyon sa patuloy na *reflexive examination* upang matukoy kung paano nakaimpluwensiya ang kanilang personal na ugnayan sa komunidad sa proseso ng pagbuo ng kahulugan.

Upang mapanatili ang balanse sa pagitan ng lokal na kaalaman at akademikong pagsusuri, isinama sa pangkat ang pananaw ng isang *academic outsider* mula sa Philippine Normal University South Luzon na may espesyalisasyon sa *Language and Literature*. Ang kaniyang pananaw bilang akademikong tagalabas *(academic outsider)* ay nagsilbing kritikal na pagbasa sa tekstuwal, teoretikal, at metodolohikal na dimensiyon ng pagsusuri. Sa pamamagitan ng pagsasanib ng karanasang lokal ng mga *cultural insiders* at kritikal na pananaw ng *academic outsider*, nabuo ang isang repleksibong interpretasyon na kumikilala sa halaga ng lokal na kaalaman habang pinananatili ang pamantayan ng akademikong pagsusuri.

**Lokalidad at Yunit ng Pagsusuri**

Ang pook na pinagtutuunan ng pananaliksik ay ang Barangay Atulayan, Calauag, Quezon. Dahil ang kasalukuyang yugto ng pag-aaral ay isang tekstuwal at hermenyutikong pagsusuri, walang direktang kalahok na tao (*human participants*) ang isinailalim sa interbyu, sarbey, o obserbasyon. Ang pangunahing yunit ng pagsusuri (unit of analysis) ay ang nakasulat na bersyon ng *Alamat ng Barangay Atulayan*. Ang siyam (9) mananaliksik naman ang nagsilbing mga tagapag-analisa ng teksto sa pamamagitan ng kanilang kolektibong pagbasa, diskusyon, at *reflexive interpretation*. Ang kolaborasyon ay isinagawa sa isang

transnasyonal na akademikong konteksto, kung saan ang mga mananaliksik ay matatagpuan sa United Arab Emirates, Thailand, Canada at iba't ibang bahagi ng Pilipinas.

**Batis ng Datos**

Dalawang pangunahing uri ng batis ang ginamit sa pag-aaral: pangunahing batis at pangalawang batis. Ang pangunahing batis ay ang nakasulat na bersyon ng *Alamat ng Barangay Atulayan* na nakapaloob sa *Compilation of the Legends of Calauag*, isang kalipunan ng mga alamat na tinipon ng mga guro ng Calauag noong 1963 at naka-archive sa Calauag Municipal Library, Calauag, Quezon. Ang tekstong ito ang nagsilbing pangunahing materyal na sinuri gamit ang *Reflexive Thematic Analysis* upang matukoy ang mga umuusbong na tema hinggil sa espasyo, kapangyarihan, kultura, at pagkakakilanlan ng komunidad. Samantala, ang pangalawang batis ay binubuo ng mga aklat, *peer-reviewed journals*, at iba pang akademikong sanggunian hinggil sa mga teoretikal na lente, kabilang ang konsepto ng kapangyarihan ni Foucault (1980), *Spatial Triad* ni Lefebvre (1991), *Archetypal Criticism* nina Jung (1969) at Frye (2020), gayundin ang mga kaugnay na literatura tungkol sa kulturang sensitibo at inklusibong edukasyon.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Sa kwalitatibong pananaliksik na ito, ang mga mananaliksik mismo ang nagsilbing pangunahing instrumento sa interpretasyon ng datos (*researchers as instruments*), kung saan naging mahalagang bahagi ng pagbuo ng kahulugan mula sa teksto ang kanilang kaalamang akademiko, karanasang kultural, at *reflexive engagement*. Upang maging sistematiko ang pagsusuri, ginamit ang *Reflexive Research Journal*, na nagsilbing talaan ng mga paunang reaksiyon, interpretasyon, at pagbabagong pananaw ng mga mananaliksik sa proseso ng pagsusuri, at *Thematic Matrix* at *Coding Guide*, na naglalaman ng mga sipi mula sa teksto, paunang kodigo, nabuong sub-tema, at pangunahing tema kaugnay ng espasyo, kapangyarihan, at kultura.

**Pamamaraan ng Pagsusuri ng Datos**

Sinunod ng pag-aaral ang anim na yugto ng *Reflexive Thematic Analysis* nina Braun at Clarke (2006, 2019, 2020, 2021). Una, isinagawa ang paulit-ulit na pagbasa sa *Alamat ng Barangay Atulayan* upang maging pamilyar sa kabuuang naratibo at makabuo ng paunang obserbasyon. Ikalawa, tinukoy ang mahahalagang bahagi ng teksto at nilapatan ng mga paunang kodigo na may kaugnayan sa espasyo, kapangyarihan, at kultura. Ikatlo, pinagsama-sama ang magkakaugnay na kodigo upang makabuo ng mga paunang tema. Ikaapat, nirepaso ang mga tema batay sa kanilang pagkakaugnay sa kabuuang teksto at sa mga napiling teoretikal na lente. Ikalima, nilinaw at pinangalanan ang mga tema batay sa kanilang pangunahing esensya at mas malalim na kahulugang kultural at panlipunan. Ikaanim, isinama ang tekstuwal na ebidensya, interpretasyon, at teoretikal na pagsusuri sa pagsulat ng kabuuang ulat upang makabuo ng kritikal na pagbasa sa alamat.

**Kredibilidad at Mahigpit na Repleksibong Pagsusuri**

Upang mapalalim ang kredibilidad ng interpretasyon, gumamit ang pag-aaral ng *investigator reflexive dialogue* sa pagitan ng mga miyembro ng pangkat. Sinuri ang mga pagkakatugma at pagkakaiba ng interpretasyon upang matukoy ang mga posibleng pagkiling at mapalawak ang pag-unawa sa teksto. Ang mga pagkakatugma (*convergences*) ay nagsilbing batayan sa pagtukoy ng mga dominanteng

kahulugan, habang ang mga pagkakaiba (*divergences*) ay ginamit bilang pagkakataon para sa mas kritikal na pagsusuri at paglinaw ng interpretasyon.

**Etikal na Pagsasaalang-alang**

Bagama't walang direktang kalahok na tao ang pag-aaral, isinagawa pa rin ang mga pamantayang etikal sa pananaliksik pangkultura at pampanitikan. Una, kinilala ang intelektuwal na pagmamay-ari ng tekstong sinuri at ang pinagmulan nitong dokumentasyon mula sa Calauag Municipal Library. Ang lahat ng sanggunian at teoretikal na konsepto ay kinilala sa pamamagitan ng wastong pagsipi ayon sa APA 7th Edition. Ikalawa, isinagawa ang pagsusuri nang may kultural na sensibilidad at paggalang sa mga pangkat na kinakatawan sa alamat, partikular sa mga Baluga at Aeta. Ikatlo, pinanatili ang akademikong integridad sa pamamagitan ng malinaw na paglalahad ng posisyonalidad ng tagaloob at tagalabas at patuloy na reflexive pagsusuri upang maiwasan ang hindi mapanuring romantisasyon o negatibong representasyon ng komunidad.

**RESULTA AT DISKUSYON**

**Transpormasyon ng Espasyo tungo sa Cultural Landscape ng Kolektibong Alaala at Identidad**

Batay sa *Reflexive Thematic Analysis* ng *Alamat ng Barangay Atulayan*, lumitaw na ang espasyo sa naratibo ay hindi lamang pisikal na tagpuan ng mga pangyayari kundi isang *cultural landscape* na patuloy na nabibigyang-kahulugan sa pamamagitan ng kabuhayan, kapangyarihan, tunggalian, ritwal, kolektibong pagkilos, at alaala. Mula sa Amuyao hanggang sa Tulay na Bato, makikita ang pagbabago ng kahulugan ng mga lugar kasabay ng mga karanasang humuhubog sa pamayanan. Ang anim na temang nabuo ay nagpapakita kung paano nagiging mahalagang bahagi ng kolektibong alaala at identidad ang mga espasyong inilalarawan sa alamat.

**Talahanayan 1**
***Reflexive Thematic Analysis Matrix ng Transpormasyon ng Espasyo sa Alamat ng Barangay Atulayan***

| Pangunahing Tekstuwal na Sipi (Data Extract) | Paunang Kodigo (Initial Codes) | Nabubuong Tema (Emergent Theme) | Analitikal na Lente | Teoretikal na Pag-angkla | Reflexive Interpretation ng mga Mananaliksik | Implikasyon sa Inklusibo at Kulturang Sensitibong Edukasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| "Noong unang panahon, may isang village na kung tawagin ay Amuyao..." at "...nabubuhay sa pamamagitan ng pangangaso, pangingisda, at pagtatanim | • Unang tirahan ng pamayanan• Likas-kayang kabuhayan• Ugnayan ng tao at kalikasan• Teritoryong pinagmulan | Tema 1: Amuyao bilang Espasyo ng Katutubong Kabuhayan at Unang Pagbuo ng Identidad | Espasyo at kultura | *Spatial Practice / Perceived Space* (Lefebvre, 1991): Ang espasyo ay nalilikha sa pamamagitan ng araw-araw na gawain at pakikipag-ugnayan ng tao sa kapaligiran. | Nakita ng mga mananaliksik bilang *cultural insiders* na ang Amuyao ay hindi lamang pisikal na lokasyon kundi isang simbolikong pinagmulan ng pagkakakilanlan. Gayunpaman, ang personal na | Maaaring gamitin ang lokal na kasaysayan at heograpiya bilang kontekstuwalisadong materyal upang maiugnay ng mga mag-aaral ang aralin sa sariling komunidad. |

Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| ng kaunting palay...” | | | | | ugnayan sa lugar ay isinailalim sa repleksibong pagsusuri upang maiwasan ang romantisadong pagbasa sa nakaraan. | |
| “Si Bungil, ang hari ng mga Baluga, ay nagalit... at ang mga Aetang ito ay pinalayas agad...” | • Awtoridad ng pinuno• Pag-angkin sa teritoryo• Pagbubukod ng pangkat• Tunggalian sa espasyo | Tema 2: Ang Espasyo Bilang Larangan ng Kapangyarihan at Teritoryal na Tunggalian | Kapangyarihan at espasyo | *Power/Knowledge* (Foucault, 1980): Ang kapangyarihan ay gumagana sa pamamagitan ng pagtatakda ng hangganan, pagkontrol, at paghubog ng ugnayang panlipunan. | Binasa ng mga mananaliksik ang pangyayari bilang representasyon ng kung paano maaaring gamitin ang awtoridad upang tukuyin kung sino ang kabilang at hindi kabilang sa isang espasyo. Ang *outsider perspective* ay nagbigay ng kritikal na distansya sa pagbasa ng tunggalian. | Nagbubukas ng diskusyon hinggil sa pagkakapantay-pantay, respeto sa pagkakaiba, at pagkilala sa iba’t ibang karanasan ng mga pangkat sa lipunan. |
| “Nagkaroon ng umaatikabong bantukan ng mga kahoy. Napatay ang haring Bungil sa labanang iyon...” | • Krisis ng pamumuno• Pagkawala ng lider• Tunggalian at pagbabago• Sakripisyo | Tema 3: Krisis ng Kapangyarihan at Transisyon ng Pamumuno | Kapangyarihan at naratibong arketipal | *Resistance and Domination* (Foucault, 1980) + *Archetypal Criticism* (Jung, 1969; Frye, 2020): Ang pagbagsak ng pinuno ay bahagi ng paulit-ulit na padron ng pagbabago sa mga naratibong bayan. | Inunawa ng mga mananaliksik ang pagkamatay ni Haring Bungil hindi lamang bilang pangyayari sa kuwento kundi bilang simbolikong yugto ng pagbabagong panlipunan. | Maaaring gamitin ang mga lokal na naratibo upang talakayin ang pamumuno, pananagutan, at epekto ng desisyon ng mga pinuno sa komunidad. |
| “Dala ang bangkay ng haring Bungil na nakalagay sa inadornohang Basket Pulo...” | • Ritwal ng pagluluksa• Inadornohang sisidlan• Pagbibigay-dangal sa yumao• Materyal na kultura• Sisidlan ng | Tema 4: Basket Pulo Bilang Materyal na Sisidlan ng Ritwal, Kolektibong Alaala, at Pagpapatuloy ng Identidad | Kultura at simbolismo, materyalidad, ritwal, at kolektibong alaala | *Archetypal Criticism* (Jung, 1969; Frye, 2020): Ang sisidlan bilang simbolo ng pag-iingat, paglalakbay, at pagpapatuloy ng kultura. | Binasa ng mga mananaliksik ang Basket Pulo bilang higit pa sa praktikal na sisidlan ng labi. Ang pagiging inadorno nito at pagkakaugnay nito sa ritwal ng | Maaaring gamitin ang Basket Pulo bilang lokal na materyal sa pagtalakay sa materyal at di-materyal na pamanang kultural, ritwal, kolektibong alaala, paghahabi, at |

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | alaala• Paglalakbay ng yumao• *Cultural continuity* | | | | paglilibing ay maaaring magpahiwatig ng pagbibigay-dangal sa yumao at pagpapanatili ng alaala ng pamayanan. Gayunman, kinikilala na ang interpretasyon ay nakabatay sa naratibong representasyon at hindi direktang ebidensiyang historikal o arkeolohikal ng isang partikular na *mortuary basket tradition.* | pagpapatuloy ng identidad. Maaari rin itong maging panimulang punto para sa responsableng dokumentasyon at *digital preservation* ng lokal na kaalaman. |
| "Isang matapang na balugang mandirigma ang nag-utos na gumawa ng tulay... Parang iisang kumilos ang lahat..." | • Bayanihan• Kolektibong paggawa• Pagbabago ng espasyo• Pag-angkop sa kapaligiran | Tema 5: Ilog Bung-awan Bilang Espasyo ng Hamon at Kolektibong Paglikha | Espasyo at kolektibong pagkilos | *Representations of Space / Conceived Space* (Lefebvre, 1991): Ang espasyo ay muling binubuo sa pamamagitan ng pagpaplano at pagkilos ng tao. | Binibigyang-kahulugan ng mga mananaliksik ang pagtatayo ng tulay bilang sandali kung saan ang komunidad ay hindi lamang umaangkop sa heograpiya kundi aktibong lumilikha ng bagong posibilidad sa loob nito. | Nagbibigay-daan sa pagtalakay ng bayanihan, pakikipagtulungan, at lokal na kaalaman sa paglutas ng suliranin. |
| "Marami na ang namatay sa hirap at gutom... nagpasiya na ilibing na lamang ang Haring Bungil sa puno ng tulay na bato..." | • Pundasyonal na sakripisyo• Sagradong lugar• Alaala ng ninuno• Lugar bilang monumento | Tema 6: Tulay na Bato Bilang Monumento ng Sakripisyo at Kolektibong Alaala | Espasyo at kultura | *Representational Space / Lived Space* (Lefebvre, 1991) + *Archetypal Theory:* Ang lugar ay nagiging makabuluhan dahil sa emosyonal at simbolikong karanasang iniugnay dito. | Ang pisikal na pagkilala ng mga mananaliksik sa Tulay na Bato bilang bahagi ng lokal na kapaligiran ay nagsilbing kontekstuwal na kaalaman, ngunit hindi itinuring bilang | Nagpapakita ng kahalagahan ng *heritage sites* bilang bahagi ng pagkatuto tungkol sa lokal na kasaysayan at identidad. |

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
**ISSN:3116-4692**

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | historikal na pagpapatunay ng alamat. | |
| “Dumating ang mga Aeta... nakita nila rito ang tulay na bato... tinawag na Atulayan...” | • Muling paggamit ng espasyo• Pagbuo ng bagong identidad• Pagpapatuloy ng alaala• Pagbabagong panlipunan | Kabuuhang tema: Atulayan Bilang Espasyong Nabuo Mula sa Kolektibong Alaala at Pagpapatuloy ng Komunidad | Espasyo, kultura, at identidad | *Production of Space* (Lefebvre, 1991): Ang espasyo ay produkto ng kasaysayan, relasyon, at kahulugang panlipunan. | Nakikita ng mga mananaliksik ang Atulayan bilang halimbawa ng *place-making*, kung saan ang isang pisikal na pook ay nagiging simbolo ng pinagdaanang karanasan at kolektibong identidad ng pamayanan. | Maaaring maging batayan sa pagbuo ng lokalisado, *digital-ready*, at kulturang sensitibong kagamitang panturo. |

***Tema 1: Amuyao bilang Espasyo ng Katutubong Kabuhayan at Unang Pagbuo ng Identidad.***

Ang paglalarawan sa Amuyao bilang isang pamayanan na nakabatay sa pangangaso, pangingisda, at pagtatanim ng kaunting palay ay nagpapakita ng pundamental na ugnayan ng mga naninirahan sa kanilang kapaligiran. Sa lente ng *Production of Space* ni Lefebvre (1991), ang espasyo ay nalilikha at nagkakaroon ng kahulugan sa pamamagitan ng pang-araw-araw na gawain at pakikipag-ugnayan ng tao sa kapaligiran. Sa ganitong pagbasa, ang Amuyao ay hindi lamang unang tirahan kundi isang espasyong pinag-ugatan ng kabuhayan, karanasan, at pagkakakilanlan ng pamayanan. Ang ganitong pag-unawa sa espasyo bilang tagapagdala ng kultura at kolektibong alaala ay sinusuportahan din ng pag-aaral nina Upasani at Murugkar (2026) hinggil sa *cultural heritage landscape* ng Narmada River Parikrama sa India. Higit pa rito, ang mahalagang rin tingnan ang kaugnay lugar sa *Alamat ng Atulayan* hinggil pagbabago ng katawagan mula “Pangahoy” tungo sa kasalukuyang “Barangay Santo Angel” (PhilAtlas, 2018-2026) ay nagpapakita na ang mga espasyo ay patuloy na dumaraan sa proseso ng pagbibigay-kahulugan. Mula sa *reflexive perspective*, kinikilala ng mga mananaliksik ang halaga ng kanilang lokal na pamilyaridad sa pagbibigay-konteksto sa lugar, ngunit iniiwasan ang romantisadong pagbasa sa nakaraan. Sa edukasyon, maaaring gamitin ang Amuyao bilang panimulang lokal na materyal sa pag-uugnay ng heograpiya, kabuhayan, at kasaysayan sa sariling karanasan ng mga mag-aaral.

***Tema 2: Ang Espasyo Bilang Larangan ng Kapangyarihan at Teritoryal na Tunggalian.***

Ang pangyayaring naganap nang ipatapon ni Haring Bungil ang mga Aeta matapos ang kanilang pagdating sa lugar ay nagpapakita na ang espasyo ay maaari ring maging larangan ng kapangyarihan, pagbubukod, at tunggalian. Sa pananaw ni Foucault (1980), ang kapangyarihan ay gumagana sa pamamagitan ng pagkontrol, pagtatakda ng hangganan, at paghubog sa ugnayan ng mga pangkat. Sa naratibo, ang awtoridad ng pinuno ay nagiging instrumento sa pagtukoy kung sino ang kabilang at hindi kabilang sa isang teritoryo. Gayunman, hindi dapat ituring ang representasyon sa alamat bilang literal na dokumentasyon ng isang tiyak na makasaysayang tunggalian; sa halip, maaari itong basahin bilang naratibong paglalarawan ng komplikadong relasyon ng kapangyarihan at espasyo. Nagbubukas ito ng

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

posibilidad para sa kulturang sensitibong talakayan hinggil sa pagkakaiba, pagkakapantay-pantay, pag-aangkin sa espasyo, at paggalang sa iba't ibang karanasan ng mga pangkat.

***Tema 3: Krisis ng Kapangyarihan at Transisyon ng Pamumuno.***

Ang pagkamatay ni Haring Bungil sa labanan ay nagsisilbing mahalagang punto ng transisyon sa naratibo sapagkat ang pagkawala ng pinuno ay kasabay ng pagbabago sa kalagayang panlipunan ng pamayanan. Sa lente ni Foucault (1980), maaaring makita ang tunggalian bilang ugnayan ng kapangyarihan at paglaban, samantalang sa *Archetypal Criticism* nina Jung (1969) at Frye (2020), ang pagbagsak ng isang pinuno ay maaaring basahin bilang bahagi ng naratibong padron ng krisis, pagbabago, at transisyon. Sa halip na unawain lamang ang pagkamatay ni Bungil bilang pangyayaring nagpapatigil sa isang yugto ng kuwento, maaari itong tingnan bilang sandali na nagbubukas sa panibagong kaayusan ng komunidad. Sa pananaw ni Alam (2026), ang pamumuno ay isang relasyonal at etikal na proseso na patuloy na sinusukat sa pamamagitan ng ugnayan ng pinuno at ng mga taong kaniyang pinamumunuan. Ipinakikita rin nito na ang mga lokal na naratibo ay maaaring maging lunsaran ng pagtalakay sa pamumuno, pananagutan, kapangyarihan, at epekto ng mga desisyon ng isang pinuno sa kaniyang pamayanan.

***Tema 4: Basket Pulo Bilang Materyal na Sisidlan ng Ritwal, Kolektibong Alaala, at Pagpapatuloy ng Identidad.***

Ang "inadornohang Basket Pulo" na pinaglagyan ng labi ni Haring Bungil ay higit pa sa praktikal na sisidlan sa loob ng naratibo sapagkat nauugnay ito sa pagluluksa, pagbibigay-dangal, at paglalakbay patungo sa huling hantungan. Sa lente nina Jung (1969) at Frye (2020), maaaring gamitin ang imahen ng sisidlan bilang interpretatibong lente para sa pag-iingat, pagtataglay, at pagpapatuloy, habang ipinakikita ng mga pag-aaral sa materyal na kultura na ang mga bagay na kaugnay ng ritwal ay maaaring magkaroon ng panlipunan at simbolikong kahulugan (Barretto-Tesoro, 2003; National Museum of the Philippines, 2021). Ang pagiging "inadornohan" nito ay maaaring basahin bilang pahiwatig ng paggalang at ritwal na kahalagahan, bagama't hindi ito sapat upang patunayang simbolo ito ng partikular na katayuan ni Haring Bungil. Sa pananaw ni Zermeño (2022), ang mga materyal na bagay na ginagamit sa ritwal ay maaari ring magsilbing daluyan ng *cultural memory*. Kaya, ang Basket Pulo ay maaaring unawain bilang isang *material carrier of memory* na nag-uugnay sa yumao, ritwal, at kolektibong gunita, nang hindi inaangking ito ay isang dokumentadong *archaeological artifact* o direktang katumbas ng isang partikular na *mortuary vessel* sa Pilipinas.

***Tema 5: Ilog Bung-awan Bilang Espasyo ng Hamon at Kolektibong Paglikha.***

Ang Ilog Bung-awan ay nagsisilbing pisikal na hadlang sa paglalakbay ng pamayanan, ngunit ang hamong ito ay nalalampasan sa pamamagitan ng sama-samang pagtatayo ng tulay. Ang pahayag na "parang iisang kumilos ang lahat" ay nagpapakita na ang espasyo ay hindi lamang tinatanggap bilang umiiral na kalagayan kundi maaari ring baguhin sa pamamagitan ng kolektibong pagkilos. Sa *Production of Space* ni Lefebvre (1991), ang ganitong proseso ay nagpapakita kung paano muling nabubuo ang espasyo sa pamamagitan ng gawaing panlipunan, pagpaplano, at pagkilos ng mga tao. Kaugnay nito, ipinakita nina Aspiras at Aspiras (2023) na ang *bayanihan* ay maaaring magsilbing mekanismo ng *community leadership* at sama-samang pagtugon sa mga hamon ng pamayanan. Bagama't magkaiba ang konteksto ng kanilang pag-aaral at ng *Alamat ng Barangay Atulayan*, nagbibigay ito ng kapaki-pakinabang na lente sa pag-unawa sa sama-samang pagtatayo ng Tulay na Bato bilang isang anyo ng kolektibong pagkilos at pagtutulungan. Dahil dito, ang Ilog Bung-awan ay nagiging higit pa sa isang likas na hadlang; nagiging mahalaga itong

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

bahagi ng karanasan ng bayanihan at kolektibong paglutas sa suliranin. Sa edukasyon, maaari itong gamitin upang maiugnay ang lokal na naratibo sa pakikipagtulungan, pag-angkop sa kapaligiran, at paggamit ng lokal na kaalaman sa paglutas ng suliranin.

***Tema 6: Tulay na Bato Bilang Monumento ng Sakripisyo at Kolektibong Alaala.***

Ang pagtatayo ng Tulay na Bato at ang paglilibing kay Haring Bungil sa puno ng tulay ay nagbibigay rito ng mas malalim na kahulugang panlipunan at simboliko. Sa pananaw ni Lefebvre (1991), ang isang lugar ay nagiging *lived space* kapag napupuno ito ng alaala, emosyon, simbolo, at karanasang panlipunan; samantala, sa *Archetypal Criticism*, maaari itong basahin bilang isang simbolikong hangganan sa pagitan ng pagkawala at pagpapatuloy (Jung, 1969; Frye, 2020). Ang tulay ay nagiging monumento hindi lamang dahil sa materyal na anyo nito kundi dahil sa kolektibong paggawa at sakripisyong iniuugnay rito ng alamat. Kaugnay nito, ang konsepto ng *collective memory* ni Nora (1989), na sinang-ayunan ng pag-aaral nina Jordan at Simat tungkol sa *Alamat ng Calauag* ay nagbibigay ng lente upang maunawaan kung paano nagiging materyal na *anchor* ng alaala ang isang pook, habang ang pananaw ni Romero Castro (2022) hinggil sa *resistance* at *resilience* ay nagbibigay-konteksto sa kakayahan ng pamayanan na magpatuloy sa kabila ng krisis. Gayunman, ang kahulugan ng Tulay na Bato ay dapat manatiling nakaugat sa naratibong representasyon at hindi ituring na awtomatikong historikal na pagpapatunay ng pinagmulan nito.

Sa kabuuan, ipinakikita ng anim na tema na ang mga espasyo sa *Alamat ng Barangay Atulayan* ay patuloy na nagbabago ng kahulugan kasabay ng karanasan at pagkilos ng pamayanan. Mula sa Amuyao bilang espasyo ng kabuhayan, sa Ilog Bung-awan bilang hamon, sa Tulay na Bato bilang bunga ng bayanihan at alaala, hanggang sa Basket Pulo bilang materyal na daluyan ng ritwal at gunita, ang espasyo ay nagiging bahagi ng proseso ng pagbuo at pagpapatuloy ng identidad. Sa ganitong pananaw, ang Atulayan ay maaaring unawain bilang isang *cultural landscape* kung saan nagtatagpo ang heograpiya, materyal na kultura, kapangyarihan, ritwal, kolektibong alaala, at pagkilos ng komunidad.

**Kapangyarihan at Ugnayang Panlipunan sa Alamat ng Barangay Atulayan**

Batay sa *Reflexive Thematic Analysis*, lumitaw na ang kapangyarihan sa *Alamat ng Barangay Atulayan* ay hindi isang nakapirming katangian ng isang pinuno o pangkat. Sa halip, ito ay isang dinamikong proseso na nabubuo, hinahamon, at muling inaayos sa pamamagitan ng awtoridad, *resistance*, kolektibong pagkilos, migrasyon, alaala, at pagbabago ng espasyo. Mula sa anim na temang nabuo, makikita na ang kapangyarihan ay malapit na kaugnay ng pagbuo ng hangganang panlipunan, kolektibong identidad, at patuloy na pagsasaayos ng ugnayan ng mga pangkat sa loob ng komunidad.

**Talahanayan 2**
***Reflexive Thematic Analysis Matrix ng Kapangyarihan at Ugnayang Panlipunan sa Alamat ng Barangay Atulayan***

| Pangunahing Tekstuwal na Sipi (Data Extract) | Paunang Kodigo (Initial Code) | Nabubuong Tema (Emergent Theme) | Lente ng Pagsusuri | Teoretikal na Pag-angkla | Reflexive Interpretation ng mga Mananaliksik | Implikasyon sa Inklusibong Edukasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| "Si Bungil, ang hari ng mga Baluga, ay nagalit... at | • Awtoridad ng pinuno• Pagkontrol sa teritoryo• | **Tema 1: Haring Bungil at ang Sentralisasyon ng** | Kapangyarihan at ugnayang panlipunan | *Power/Knowledge* (Foucault, 1980): Ang kapangyarihan ay umiiral sa | Napagtanto ng mga mananaliksik na ang pagiging bahagi ng lokal na | Nagbubukas ng talakayan tungkol sa respeto sa |

ISSN:3116-4692

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| ang mga Aetang ito ay pinalayas agad...” | Pagbubukod sa ibang pangkat• Pagbuo ng hangganang panlipunan | **Kapangyarihan sa Pagbuo ng Hangganang Pangkomunidad** | | kakayahang magtakda ng pamantayan, hangganan, at kabilang/pagkabilang ng mga grupo. | komunidad ay maaaring magdulot ng paunang pagkiling sa pagtingin kay Haring Bungil bilang tagapagtanggol lamang. Sa *reflexive analysis*, kinilala siya bilang representasyon ng kapangyarihang may kakayahang parehong magpanatili ng kaayusan at lumikha ng pagbubukod. | pagkakaiba-iba, representasyon ng mga pangkat, at pag-unawa sa epekto ng diskriminasyon sa kasaysayan. |
| “Ngunit may naiwang banta sa hari... nagkaroon ng umaatikabong bantukan ng mga kahoy. Napatay ang haring Bungil sa labanang iyon...” | • Resistance• Pagtutol sa awtoridad• Krisis ng pamumuno• Pagbabago ng balanse ng kapangyarihan | **Tema 2: Tunggalian ng Baluga at Aeta Bilang Manipestasyon ng *Resistance* at Pagbabago ng Kapangyarihan** | *Power relations* at *conflict analysis* | Foucault (1980): Ang bawat anyo ng kapangyarihan ay maaaring lumikha ng anyo ng paglaban. | Sinuri ng mga mananaliksik ang tunggalian hindi bilang simpleng laban ng mabuti at masama, kundi bilang paglalarawan ng pabago-bagong ugnayan ng kapangyarihan. Hindi ipinapalagay ng pagsusuri kung sino ang tama o mali sapagkat ang alamat lamang ang batayan ng interpretasyon. | Maaaring gamitin ang lokal na naratibo upang talakayin ang *conflict resolution*, pagkakapantay-pantay, at mapayapang pakikipamuhay ng magkakaibang pangkat. |
| “Isang matapang na balugang mandirigma ang nag-utos na gumawa ng tulay... Parang iisang kumilos ang lahat upang tupdin ang utos.” | • Sama-samang pagkilos• Bayanihan• Bagong anyo ng liderato• Kolektibong pagpapasya | **Tema 3: Pagbagsak ng Sentralisadong Pamumuno at Pag-usbong ng Kolektibong Kapangyarihan ng Pamayanan** | *Collective agency* at *community power* | Foucault (1980): Ang kapangyarihan ay hindi lamang nakapaloob sa pinuno kundi umiiral sa ugnayan at pagkilos ng mga tao. | Lumitaw sa *reflexive discussion* na ang pinakamahalagang pagbabago sa alamat ay hindi lamang ang pagkawala ng hari kundi ang paglitaw ng komunidad bilang aktibong tagalikha ng solusyon. Ang | Nagpapakita ng kahalagahan ng kolaborasyon, bayanihan, at *participatory learning* sa paghubog ng mga mag-aaral bilang bahagi ng komunidad. |

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | tulay ay naging simbolo ng kapangyarihang nagmumula sa pagkakaisa. | |
| "Marami na ang namatay sa hirap at gutom... nagpasiya na lamang ilibing ang Haring Bungil sa puno ng tulay na bato." | • Sakripisyo ng pinuno• Krisis ng komunidad• Pagpapatuloy matapos ang pagkawala• Simbolikong pundasyon | **Tema 4: Sakripisyo at Pagbabago ng Estruktura ng Kapangyarihan Matapos ang Krisis ng Pamumuno** | *Memory, power,* at *cultural symbolism* | Foucault (1980) + *Cultural Memory Perspective*: Ang mga simbolo ay maaaring maging tagapagdala ng alaala at bagong kahulugan ng kapangyarihan. | Napansin ng mga mananaliksik na ang kamatayan ng hari ay hindi nagmarka ng pagtatapos ng komunidad kundi nagsilbing transisyon tungo sa bagong paraan ng pagkakaisa. | Maaaring gamitin ang mga lokal na simbolo upang talakayin ang kasaysayan, sakripisyo, at pagpapatuloy ng kultura. |
| "Dumating ang mga Aeta... nakita nila rito ang tulay na bato... nagtayo ang mga ito ng isang Barangay na tinawag na Atulayan." | • Pagbabago ng naninirahan• Pag-angkin at paggamit ng espasyo• Bagong identidad ng komunidad• Rekonstruksyon ng pamayanan | **Tema 5: Migrasyon at Muling Pagbuo ng Komunidad Bilang Transformasyon ng Kapangyarihan** | Espasyo, migrasyon, at identidad | Foucault (1980) + Lefebvre (1991): Ang espasyo ay nagbabago kasabay ng pagbabago ng mga relasyong panlipunan. | Sa *reflexive analysis*, kinilala ng mga mananaliksik na ang pagdating ng Aeta ay hindi inilalarawan ng alamat bilang simpleng pananakop kundi bilang proseso ng muling pagbubuo ng komunidad. | Nagbibigay-daan sa edukasyong kumikilala sa migrasyon, pagkakaiba-iba, at karapatan ng iba't ibang pangkat sa pagbuo ng kasaysayan. |
| "Ang mga Aeta at Baluga..." (katawagang ginamit sa teksto ng alamat) | • Etnikong representasyon• Katawagan at identidad• Pangangailangan ng maingat na interpretasyon | **Tema 6: *Reflexive Engagement* sa Pagbasa ng Etnikong Representasyon at Lokal na Identidad** | Posisyonalidad ng tagaloob at tagalabas | *Reflexive Thematic Analysis* (Braun & Clarke, 2021): Ang interpretasyon ay bahagi ng aktibong posisyon ng mananaliksik. | Kinilala ng mga mananaliksik ang limitasyon ng kanilang posisyon bilang *cultural insiders*. Pinanatili ang orihinal na katawagan ng alamat habang iniiwasan ang pagbibigay ng tiyak na etnikong konklusyon na walang sapat na ebidensya. | Nagtataguyod ng kulturang sensitibong pagtuturo na umiiwas sa *stereotyping* at nagbibigay-halaga sa boses ng mga komunidad. |

***Tema 1: Haring Bungil at ang Sentralisasyon ng Kapangyarihan sa Pagbuo ng Hangganang Pangkomunidad.***

Sa unang bahagi ng alamat, lumilitaw ang kapangyarihan sa katauhan ni Haring Bungil bilang sentralisadong awtoridad ng pamayanang Baluga. Ang kaniyang pagpapasyang paalisin ang dalawang

pamilyang Aeta na napadpad sa Amuyao ay nagpapakita hindi lamang ng kapangyarihang magtakda ng kaayusan kundi maging ng kakayahang tukuyin kung sino ang kabilang at hindi kabilang sa komunidad. Sa ganitong pagbasa, ang pagpapalayas ay nagsisilbing mekanismo ng pagbuo ng panlipunang hangganan at pagkontrol sa espasyong itinuturing na saklaw ng pamayanan. Kaayon ito ng konsepto ni Foucault (1980) na ang kapangyarihan ay umiiral sa pamamagitan ng mga pamantayan at relasyong humuhubog sa kilos at pagkakabilang ng mga tao. Ang Amuyao, kung gayon, ay hindi lamang pisikal na espasyo kundi lugar kung saan naisasagawa ang kapangyarihan at nabubuo ang pagkakaibang "kami" at "sila." Sinusuportahan ito nina Olaopa at Ogundare (2023), na nagbigay-diin sa papel ng katutubong liderato sa pagpapanatili ng kaayusan, teritoryo, at mga pagpapahalagang panlipunan, gayundin ni Sawi (2025), na nagpapakitang ang epektibong pamumuno ay nakaugat hindi lamang sa awtoridad kundi sa pangangalaga ng kultura at pagkakaisa. Gayunman, ipinahihiwatig ng alamat na ang awtoridad ay maaari ring magbunga ng pagbubukod at tensiyon. Mula sa *reflexive perspective*, kinilala ng mga mananaliksik na ang kanilang pagiging *cultural insiders* ng Barangay Atulayan ay maaaring magdulot ng paunang pagbasa kay Haring Bungil bilang tagapagtanggol ng komunidad. Sa kritikal na pagsusuri, gayunman, hindi siya itinuring bilang ganap na bayani o kontrabida kundi bilang representasyon ng kapangyarihang maaaring parehong magpanatili ng kaayusan at lumikha ng eksklusyon. Sa edukasyon, nagbubukas ito ng pagkakataong talakayin ang tradisyunal na pamumuno, pagkakaiba-iba, diskriminasyon, at ugnayan ng kapangyarihan at inklusibong pamayanan.

***Tema 2: Tunggalian ng Baluga at Aeta Bilang Manipestasyon ng Pagtutol at Pagbabago ng Kapangyarihan.***

Ang tunggalian ng Baluga at Aeta ay nagpapakita na ang kapangyarihan ay hindi permanente at maaaring hamunin ng mga naaapektuhan nito. Ang pagpapalayas sa mga Aeta ay nagsilbing panimulang kondisyon ng tensiyon, sapagkat ipinakita nito kung paano ginagamit ang awtoridad upang tukuyin kung sino ang maaaring manatili sa isang espasyo. Sa lente ni Foucault (1980), ang *resistance* ay likas na kaugnay ng kapangyarihan; kung saan may umiiral na kapangyarihan, may posibilidad ding magkaroon ng pagtutol. Ang pagbabalik ng mga Aeta at ang labanan na ikinasawi ni Haring Bungil ay maaaring unawain bilang pagbabago sa dating balanse ng kapangyarihan. Hindi ipinapalagay ng pagsusuri na may isang pangkat na ganap na tama o mali, sapagkat hindi inilalahad ng alamat ang buong konteksto ng ugnayan ng dalawang pangkat. Sa halip, nakatuon ang pagsusuri sa kung paano inilalarawan ng naratibo ang pagbuo, paghamon, at pagbabago ng *power relations.* Kaugnay nito, ipinakikita nina Apriyanto et al. (2026) na ang *indigenous resistance* ay maaaring maging tugon sa mga estrukturang nagtatakda ng kontrol at hindi pagkakapantay-pantay. Sa kontekstong Pilipino, ipinapakita rin nina Almeda et al. (2023) na ang pakikibaka ng *Indigenous Peoples* ay may kaugnayan sa lupa, pagkilala sa karapatan, marginalisasyon, at sariling pagpapasya. Ang pagkamatay ni Haring Bungil ay nagsilbing simbolikong pagbabago sa dating estruktura ng kapangyarihan. Sa pagkawala ng sentral na pinuno, nagbukas ang posibilidad para sa ibang anyo ng pagkilos ng pamayanan. Mula sa *reflexive engagement*, kinilala ng mga mananaliksik na ang pagiging cultural insiders ay maaaring magtulak sa pagbasa sa tunggalian bilang simpleng kuwento ng pinagmulan ng komunidad. Sa pagsasama ng akademikong *outsider perspective,* naging posible ang mas balanseng pagbasa rito bilang proseso ng negosasyon sa awtoridad, teritoryo, at identidad. Sa edukasyon, maaaring gamitin ang temang ito sa pagtalakay ng *conflict resolution,* pagkakapantay-pantay, at mapayapang pakikipamuhay ng magkakaibang pangkat.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
**ISSN:3116-4692**

***Tema 3: Pagbagsak ng Sentralisadong Pamumuno at Pag-usbong ng Kolektibong Kapangyarihan ng Pamayanan.***

Matapos ang pagkamatay ni Haring Bungil, lumitaw ang pagbabago mula sa sentralisadong pamumuno tungo sa kolektibong pagkilos. Makikita ito sa pagtatayo ng Tulay na Bato sa Ilog Bung-awan upang maisakatuparan ang pagdadala sa labi ng hari. Ang pahayag na "parang iisang kumilos ang lahat upang tupdin ang utos" ay nagpapakita na ang pagpapatuloy ng pamayanan ay nakasalalay hindi lamang sa isang pinuno kundi sa sama-samang pagkilos ng mga miyembro nito. Sa lente ni Foucault (1980), ang kapangyarihan ay umiiral sa mga relasyon at gawain ng mga tao at hindi lamang sa isang posisyon. Maiuugnay ito sa konsepto ng *collective agency* ni Bandura (2000), na tumutukoy sa kakayahan ng isang pangkat na sama-samang kumilos at lumikha ng pagbabago. Kaayon nito, ipinakikita nina Pepito (2025) at Lagdameo-Santillan (2025) na ang mga pagpapahalagang tulad ng "Dáyung" at "bayanihan" ay nakaugat sa solidaridad, pagbabahagi ng pananagutan, at kusang pagtutulungan. Maaari ring iugnay ang pagtatayo ng tulay sa *production of space* ni Lefebvre (1991). Ang Ilog Bung-awan, na dating pisikal na hadlang, ay nabigyan ng bagong panlipunang kahulugan sa pamamagitan ng kolektibong karanasan. Ang Tulay na Bato ay naging simbolo ng pagkakaisa, sakripisyo, at pagpapatuloy. Mula sa *reflexive perspective*, kinilala ng mga mananaliksik na maaaring maimpluwensiyahan ng kanilang pagiging *cultural insiders* ang pagbasa sa tulay bilang simbolo ng bayanihan. Gayunpaman, sinuri ito hindi lamang bilang positibong pagpapahalaga kundi bilang anyo ng *collective power* na umusbong sa partikular na kalagayan ng komunidad. Sa edukasyon, ipinakikita nito ang halaga ng kolaborasyon, *participatory learning*, at paghubog sa mga mag-aaral bilang aktibong kasapi ng pamayanan.

***Tema 4: Sakripisyo, Alaala, at Pagpapatuloy ng Komunidad Matapos ang Krisis ng Pamumuno.***

Ang pagkamatay ni Haring Bungil ay naging mahalagang bahagi ng kolektibong alaala ng komunidad. Ang pagpapasyang ilibing siya sa puno ng Tulay na Bato ay nagbigay sa estrukturang ito ng panibagong kahulugan bilang lugar ng paggunita, sakripisyo, at pagpapatuloy. Sa ganitong paraan, ang tulay ay naging simbolikong ugnayan ng nakaraan at kasalukuyang identidad ng pamayanan. Maiuugnay ito sa *cultural memory* at sa *production of space* ni Lefebvre (1991), kung saan ang mga lugar at bagay ay nagkakaroon ng kahulugan sa pamamagitan ng panlipunang karanasan. Mula naman sa lente ni Foucault (1980), makikita na ang kapangyarihan ay maaaring magpatuloy kahit mawala ang isang pinuno sa pamamagitan ng mga simbolo, alaala, at diskursong nagpapanatili sa kaniyang kahulugan sa komunidad. Sinusuportahan ito nina Kumala et al. (2026), na nagpapakitang ang mga pangalan ng lugar at kaugnay na salaysay ay maaaring maging tagapagdala ng kasaysayan at identidad. Sa *reflexive analysis*, kinilala na maaaring maimpluwensiyahan ng lokal na pagpapahalaga sa mga ninuno at pinagmulan ang pagbasa kay Haring Bungil bilang simbolo ng sakripisyo. Sa halip na ituring lamang siyang bayani, binasa siya bilang bahagi ng proseso ng pagbuo at pagpapanatili ng kolektibong alaala. Kaugnay nito, ipinakikita nina Eslit (2025) at Roy at Sen (2026) na ang dokumentasyon at *digital forms of archiving* ay maaaring makatulong sa pagpapatuloy ng *oral heritage*, bagama't dapat isaalang-alang ang *cultural sensitivity*, karapatan ng komunidad, at wastong representasyon. Sa edukasyon, ipinahihiwatig nito ang halaga ng paggamit ng lokal na pook at salaysay bilang daluyan ng pagkatuto tungkol sa kasaysayan at pamanang kultural.

***Tema 5: Migrasyon Bilang Pagbabago ng Ugnayang Panlipunan at Muling Pagsasaayos ng Pamayanan.***

Sa alamat, ang migrasyon ay nagsisilbing proseso ng pagbabago sa komposisyon ng komunidad, paggamit ng espasyo, at pagbuo ng identidad. Matapos ang pagkamatay ni Haring Bungil at paglisan ng

mga Baluga sa Amuyao, ang pagdating ng mga Aeta at pagtatatag nila ng bagong barangay ay nagpapakita ng muling paggamit at pagbibigay-kahulugan sa dating espasyo ng pamayanan. Sa pananaw ni Foucault (1980), ang pagbabago ng mga pangkat na nakikipag-ugnayan sa isang lugar ay kasabay ng pagbabago ng mga relasyon ng kapangyarihan. Kaugnay naman ng *production of space* ni Lefebvre (1991), ang espasyo ay panlipunang produkto na patuloy na nabubuo sa pamamagitan ng kasaysayan, relasyon, at karanasan ng mga tao. Sa ganitong pagbasa, ang Tulay na Bato, Ilog Bung-awan, at Atulayan ay hindi lamang pisikal na lokasyon kundi mga espasyong nagtataglay ng magkakaibang yugto ng karanasan ng komunidad. Sinusuportahan ito nina Bhatt at Bhatt (2026), na nagpapakitang ang migrasyon sa mga katutubong pamayanan ay maaaring magbago sa ugnayang panlipunan, paraan ng pamumuhay, at identidad. Kaugnay nito, ipinakikita nina Kumala et al. (2026) na ang mga pangalan ng lugar ay maaaring magsilbing tagapagdala ng kolektibong alaala. Kaya, ang migrasyon sa alamat ay hindi nangangahulugan ng pagbura sa nakaraan kundi ng pagsasama ng nakaraan at kasalukuyan sa patuloy na pagbuo ng komunidad. Mula sa *reflexive perspective*, kinilala ng mga mananaliksik na maaaring maging payak ang unang pagbasa sa migrasyon bilang kuwento lamang ng pagkawala at pagdating. Sa mas kritikal na pagbasa, nakita itong mas komplikadong proseso na nakaugnay sa kapangyarihan, espasyo, alaala, at identidad. Sa perspektiba ng inklusibong edukasyon, nagbubukas ito ng talakayan tungkol sa migrasyon, pagkakaiba-iba, pakikipag-ugnayan ng mga pangkat, at karapatan ng iba't ibang komunidad sa pagbuo ng lokal na kasaysayan.

***Tema 6: Pagbuo ng Bagong Identidad sa Pamamagitan ng Alaala at Muling Pagbibigay-Kahulugan sa Espasyo.***

Sa huling bahagi ng alamat, ang pangalang Atulayan, na iniuugnay sa konseptong "pinagtulayan," ay nagsisilbing simbolo ng mga karanasang humubog sa komunidad. Hindi lamang ito heograpikal na katawagan kundi tagapagdala ng alaala tungkol sa sakripisyo, pagtutulungan, pagbabago, at pagpapatuloy ng pamayanan. Sa lente ni Lefebvre (1991), ang Atulayan ay isang panlipunang espasyong patuloy na binibigyang-kahulugan sa pamamagitan ng karanasan, relasyon, at alaala. Maiuugnay rin ito sa *toponymy*, kung saan ang mga pangalan ng lugar ay nagsisilbing imbakan ng kasaysayan at kolektibong identidad (Jordan, & Simat, 2026; Kumala, Kastri, & Firdaus, 2026). Mula sa pananaw ni Foucault (1980), ang pagbibigay-kahulugan sa isang lugar ay may kaugnayan din sa kaalaman at kapangyarihan sapagkat ang pangalan ay nagdadala at nagpapasa ng partikular na pag-unawa sa nakaraan ng komunidad. Mahalagang bigyang-diin na ang bagong identidad ng Atulayan ay hindi nangangahulugan ng pagbura sa mga naunang pangkat at karanasan. Sa halip, ito ay nabuo mula sa patong-patong na kasaysayan—mula sa pamumuhay ng mga Baluga, tunggalian at pagkawala, hanggang sa pagdating ng mga Aeta at muling paggamit ng espasyo. Sa repklesibong pagsusuri, kinilala ng mga mananaliksik ang kanilang pagiging *cultural insiders* bilang mahalagang pinagmumulan ng lokal na pag-unawa, ngunit isinama ang kritikal na akademikong pagbasa upang maiwasan ang pagturing sa alamat bilang literal na kasaysayan. Sa halip, binasa ito bilang tekstong kultural na nagpapakita kung paano nililikha at muling binibigyang-kahulugan ng mga komunidad ang kanilang identidad. Sa perspektiba ng edukasyon at pangangalaga ng pamanang kultural, ipinahihiwatig ng temang ito na ang mga lokal na alamat at pangalan ng lugar ay maaaring maging batayan ng kulturang sensitibo at kontekstuwalisadong pagkatuto, gayundin ng dokumentasyon, *digital heritage preservation,* at pagbuo ng mga kagamitang panturong nakaugat sa lokal na kasaysayan at kultura.

Sa pangkalahatan, ipinakikita ng anim na tema na ang kapangyarihan sa *Alamat ng Barangay Atulayan* ay isang dinamikong proseso na patuloy na nabubuo, hinahamon, at muling inaayos sa ugnayan ng awtoridad, *resistance*, kolektibong pagkilos, migrasyon, alaala, at espasyo. Mula sa sentralisadong pamumuno ni Haring Bungil, nagbago ang estruktura ng kapangyarihan tungo sa kolektibong pagkilos at muling pagsasaayos ng pamayanan, habang ang mga pook at pangalang gaya ng Tulay na Bato at Atulayan

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

ay naging tagapagdala ng alaala at identidad (Foucault, 1980; Lefebvre, 1991). Ipinahihiwatig nito na ang identidad ng komunidad ay hindi nakapirmi kundi patuloy na nabubuo sa pamamagitan ng negosasyon ng kasaysayan, espasyo, at ugnayang panlipunan.

**Kultura at Pagkakakilanlan:** ***Ang Alamat bilang Tagapagdala ng Kolektibong Alaala at Identidad***

Batay sa *Reflexive Thematic Analysis (RTA)* nina Braun at Clarke (2021), lumitaw na ang *Alamat ng Barangay Atulayan* ay hindi lamang nagsasalaysay ng pinagmulan ng pamayanan kundi nagsisilbing daluyan ng mga simbolo, paniniwala, pagpapahalaga, at kolektibong alaala na humuhubog sa pagkakakilanlan ng komunidad. Ang mga elementong tulad ng pangangaso, pangingisda, pagtatanim, Basket Pulo, Tulay na Bato, ritwal ng pagluluksa, at pangalang Atulayan ay nagsisilbing mga tekstuwal na pahiwatig ng paraan ng pamumuhay, ugnayang panlipunan, at karanasang kultural ng pamayanan.

**Talahanayan 3**
***Reflexive Thematic Analysis Matrix ng mga Kultural na Simbolo at Identidad sa Alamat ng Barangay Atulayan***

| **Pangunahing Tekstuwal na Sipi (Data Extract)** | **Paunang Kodigo (Initial Codes)** | **Nabubuong Tema (Emergent Theme)** | **Lente ng Pagsusuri** | **Teoretikal na Pag-angkla** | **Repleksibong Interpretasyon ng mga Mananaliksik** |
|---|---|---|---|---|---|
| "...nabubuhay sa pamamagitan ng pangangaso, pangingisda at pagtatanim ng kaunting palay sa punso." | • Likas-kayang kabuhayan• Ugnayan ng tao at kalikasan• Tradisyunal na pamumuhay | **Tema 1: Ang Kabuhayan Bilang Salamin ng Ugnayan ng Tao at Kalikasan** | Kultura at ekolohiya | *Cultural Ecology / Human–Environment Relationship* (Steward, 1955) | Ipinakita ng pagsusuri na ang kabuhayan ng mga tauhan sa alamat ay hindi lamang paraan ng paghahanapbuhay kundi bahagi ng kolektibong identidad na nakaugat sa kapaligiran. |
| "...nakalagay sa inadornohang Basket Pulo ang bangkay ng haring Bungil." | • Ritwal ng pagluluksa• Paggalang sa yumao• Sisidlan ng alaala | **Tema 2: Ang Basket Pulo Bilang Sisidlan ng Ritwal, Dangal, at Kolektibong Memorya** | Simbolismong kultural | *Archetypal Criticism* (Jung, 1969; Frye, 2020) | Ang Basket Pulo ay binigyang-kahulugan hindi lamang bilang kagamitan kundi bilang simbolo ng dignidad, paggalang, at pagpapatuloy ng alaala ng pinuno. |
| "Isang matapang na balugang mandirigma ang nag-utos na gumawa ng tulay... Parang iisang kumilos ang lahat..." | • Bayanihan• Kolektibong paggawa• Sakripisyo ng pamayanan | **Tema 3: Ang Tulay na Bato Bilang Simbolo ng Bayanihan at Kolektibong Katatagan** | Kultura at kolektibong pagkilos | Lefebvre (1991) + *Collective Memory Theory* | Ang tulay ay lumampas sa pisikal na gamit nito at naging simbolo ng pagkakaisa at sama-samang karanasan ng komunidad. |
| "...nagpasiya na ilibing na lamang ang Haring Bungil | • Sagradong lugar• Alaala ng pinuno• Ritwal at espasyo | **Tema 4: Ang Tulay Bilang Pook ng Alaala at** | *Memory studies* at kultura | *Lieu de Mémoire* (Nora, 1989) + Lefebvre (1991) | Ang puntod ng hari sa ilalim ng tulay ay nagiging pook ng alaala kung saan nagsasanib ang kasaysayan, espasyo, at identidad ng komunidad. |

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| sa puno ng tulay na bato.” | | **Pamanang Kultural** | | | |
| “...tinawag na Atulayan na ang ibig sabihin ay pinagtulayan.” | • Pagbuo ng pangalan• Lokal na identidad• Pagpapatuloy ng alaala | **Tema 5: Ang Pangalan ng Atulayan Bilang Buhay na Tagapagdala ng Identidad at Pamanang Kultural** | Kultura at pagkakakilanlan | *Production of Space* (Lefebvre, 1991) | Ang pangalan ng Atulayan ay nagsisilbing kultural na tala ng karanasan, sakripisyo, at pagkakaisa na ipinapasa sa mga susunod na salinlahi. |
| Buong salaysay ng alamat bilang ipinapasa sa mga salinlahi | *Oral tradition, cultural transmission, local heritage* | **Tema 6: Ang Alamat Bilang Buhay na Pamanang Kultural ng Komunidad** | *Cultural heritage* | *UNESCO Intangible Cultural Heritage / Assmann (Cultural Memory)* | Ang alamat ay hindi lamang tekstong pampanitikan kundi daluyan ng kolektibong alaala at lokal na identidad. |

***Tema 1: Ang Kabuhayan Bilang Salamin ng Ugnayan ng Tao at Kalikasan.***

Ipinakita ng pagsusuri na ang pangangaso, pangingisda, at pagtatanim na inilalarawan sa alamat ay hindi lamang mga gawaing pangkabuhayan kundi bahagi ng ugnayan ng tao, kalikasan, at kultura. Sa lente ng *Cultural Ecology* ni Steward (1955), makikita na ang pamumuhay ng mga Baluga ay nakaugat sa kanilang pakikibagay at pakikipag-ugnayan sa kapaligiran. Maiuugnay rin ito kay Lefebvre (1991), sapagkat ang Amuyao ay nabibigyang-kahulugan bilang isang panlipunang espasyo sa pamamagitan ng mga gawaing isinagawa rito. Kaugnay nito, ipinakita nina Siswanto (2026) at Uktolseja et al. (2026) na ang mga kuwentong-bayan at karanasan ng mga pamayanan ay maaaring maglaman ng kaalamang ekolohikal at mag-ambag sa pagbuo ng lokal na identidad. Mula sa *reflexive engagement*, kinilala ng mga mananaliksik ang impluwensiya ng kanilang pagiging *cultural insiders*, ngunit sinikap na suriin ang mga gawaing ito bilang bahagi ng mas malawak na ugnayan ng kultura, kapaligiran, at identidad.

***Tema 2: Ang Basket Pulo Bilang Sisidlan ng Ritwal, Dangal, at Kolektibong Alaala.***

Natuklasan na ang Basket Pulo ay higit pa sa sisidlan ng labi ni Haring Bungil sapagkat naging simbolo ito ng paggalang, dangal, ritwal, at kolektibong alaala. Sa pananaw nina Jung (1969) at Frye (2020), ang materyal na bagay sa isang naratibo ay maaaring magkaroon ng simbolikong kahulugang higit sa literal nitong gamit. Maiuugnay rin ito sa pananaw nina Tadi at Eichir (2026) na ang mga materyal na bagay sa ritwal ay maaaring maging tagapagdala ng kaalaman, pagpapahalaga, at identidad. Sa lente ni Halbwachs (1992), ang Basket Pulo ay nagsisilbing daluyan kung saan napapanatili ng pamayanan ang alaala ni Haring Bungil at ng mga karanasang kaugnay ng kaniyang pagkamatay. Sa *reflexive engagement*, kinilala ang posibilidad na maimpluwensiyahan ng lokal na pagpapahalaga sa mga ninuno at pinuno ang interpretasyon, kaya sinuri ang Basket Pulo bilang tekstuwal at kultural na simbolo.

***Tema 3: Ang Tulay na Bato Bilang Simbolo ng Bayanihan at Kolektibong Katatagan.***

Ipinakita ng pagsusuri na ang Tulay na Bato ay simbolo ng bayanihan, sakripisyo, at kolektibong katatagan ng pamayanan. Ang sama-samang pagtatayo nito matapos ang pagkamatay ni Haring Bungil ay

nagpapakita na ang kakayahan ng komunidad na tumugon sa krisis ay hindi lamang nakasalalay sa isang pinuno kundi sa kolektibong pagkilos. Sa pananaw ni Lefebvre (1991), ang tulay ay isang espasyong nabigyang-kahulugan ng mga karanasan at ugnayan ng komunidad, samantalang sa konsepto ni Nora (1989), maaari itong tingnan bilang isang *lieu de mémoire* o pook ng alaala. Kaugnay nito, ipinakita nina Su, Mangada, at Pacoma (2024) na ang bayanihan ay maaaring unawain bilang anyo ng kolektibong lakas at pagkilos. Mula sa *reflexive engagement*, kinilala ang impluwensiya ng kulturang Pilipino sa pagbasa sa tulay bilang simbolo ng bayanihan, ngunit sinikap itong unawain bilang mas malalim na proseso ng kolektibong pagbuo ng kahulugan.

***Tema 4: Ang Tulay Bilang Pook ng Alaala at Pamanang Kultural.***

Lumabas sa pagsusuri na ang Tulay na Bato ay naging pook ng kolektibong alaala nang ito ay maiugnay sa pagkamatay at paglilibing kay Haring Bungil. Mula sa pagiging estrukturang pantawid, naging simbolikong espasyo ito na naglalaman ng alaala ng pagkawala, sakripisyo, pagkakaisa, at pagpapatuloy ng pamayanan. Sa lente ni Halbwachs (1992), ang tulay ay nagsisilbing daluyan ng kolektibong gunita, habang sa konsepto ni Nora (1989), ito ay isang *lieu de mémoire*. Maiuugnay rin ito kay Lefebvre (1991), kung saan ang kahulugan ng espasyo ay nalilikha sa pamamagitan ng mga karanasan at gawaing panlipunan. Ipinakita nina Kumala, Kastri, at Firdaus (2026) na ang mga pangalan ng lugar ay maaaring magtaglay ng ugnayang emosyonal at kultural sapagkat nakapaloob dito ang mga salaysay at karanasang mahalaga sa mga taong may kaugnayan sa espasyong iyon. Sa ganitong pagbasa, ang Tulay na Bato ay hindi lamang pisikal na lugar kundi bahagi ng pamanang kultural na nagpapanatili sa alaala at identidad ng komunidad. Sa *reflexive engagement*, kinilala ang impluwensiya ng lokal na ugnayan ng mga mananaliksik sa kahulugan ng lugar, ngunit sinuri ito bilang tekstuwal at kultural na simbolo.

***Tema 5: Ang Pangalan ng Atulayan Bilang Simbolo ng Pagpapatuloy, Pagbabagong Kultural, at Kolektibong Identidad.***

Natuklasan na ang pangalang "Atulayan" ay hindi lamang heograpikal na katawagan kundi tagapagdala ng kolektibong alaala at identidad. Ang pag-uugnay nito sa konsepto ng "pinagtulayan" ay nagpapanatili sa alaala ng sama-samang pagkilos at sakripisyo ng mga Baluga. Sa pananaw ng *toponymy*, ang mga pangalan ng lugar ay maaaring magsilbing imbakan ng kasaysayan at identidad, gaya ng ipinakita nina Kumala, Kastri, at Firdaus (2026). Maiuugnay rin ito kay Halbwachs (1992), sapagkat ang pangalan ay nagsisilbing simbolo kung saan napapanatili ang kolektibong alaala, at kay Lefebvre (1991), kung saan ang espasyo ay patuloy na nabibigyang-kahulugan sa pamamagitan ng karanasan ng mga tao. Kaugnay nito, ipinakita nina Jordan at Simat (2026) ang papel ng lokal na alamat sa pagpapanatili ng kolektibong gunita at pagkakakilanlang pampamayanan. Mula sa *reflexive engagement*, kinilala ang personal at lokal na kahalagahan ng pangalang Atulayan, ngunit sinuri ito bilang isang tekstong kultural na nagpapakita ng pagpapatuloy at pagbabago ng identidad.

***Tema 6: Ang Alamat ng Barangay Atulayan Bilang Buhay na Pamanang Kultural at Daluyan ng Kolektibong Identidad.***

Sa pagsusuri sa ikaanim na tema, lumitaw na ang *Alamat ng Barangay Atulayan* ay isang buhay na pamanang kultural na nagpapanatili at nagpapasa ng mga alaala, pagpapahalaga, at pananaw ng pamayanan. Ang kabuhayan ay kumakatawan sa ugnayan ng tao at kalikasan; ang Basket Pulo sa ritwal at dangal; ang Tulay na Bato sa bayanihan, sakripisyo, at alaala; at ang pangalang Atulayan sa pagpapatuloy ng kolektibong identidad. Umaayon ito sa pananaw ni Mahuika (2019) hinggil sa kahalagahan ng oral tradition

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
**ISSN:3116-4692**

sa pagpapanatili ng kaalaman at identidad, gayundin kina Jordan at Simat (2026) tungkol sa papel ng lokal na alamat bilang imbakan ng kolektibong gunita. Sa lente ni Halbwachs (1992), ang mga simbolo at salaysay ay nagsisilbing daluyan ng memorya, habang kay Lefebvre (1991), ang mga lugar na nakapaloob sa alamat ay mga panlipunang espasyong patuloy na binibigyang-kahulugan. Mula sa *reflexive engagement*, kinilala ng mga mananaliksik ang kanilang pagiging *cultural insiders*, ngunit pinanatili ang kritikal na distansiya upang basahin ang alamat bilang tekstong kultural sa halip na literal na tala ng kasaysayan.

Bilang konklusyon, ipinakikita ng mga natuklasan na ang *Alamat ng Barangay Atulayan* ay nagsisilbing mahalagang daluyan ng kultura, kolektibong alaala, at pagkakakilanlan ng pamayanan. Ang mga gawaing pangkabuhayan, Basket Pulo, Tulay na Bato, ritwal ng pagluluksa, at pangalang Atulayan ay magkakaugnay na simbolo ng paraan ng pamumuhay, pagpapahalaga, karanasan, at pagpapatuloy ng komunidad. Sa ganitong pananaw, ang alamat ay hindi lamang salaysay tungkol sa pinagmulan ng isang lugar, kundi isang buhay na pamanang kultural na nagpapanatili at nagpapasa ng kolektibong alaala at identidad mula sa isang henerasyon tungo sa susunod.

**Posisyonalidad at *Reflexivity*: *Ang Pagsasanib ng Lokal na Kaalaman at Kritikal na Akademikong Pananaw***

Batay sa *Reflexive Thematic Analysis (RTA)* nina Braun at Clarke (2021), ipinakita ng pagsusuri na ang interpretasyon sa *Alamat ng Barangay Atulayan* ay nabuo sa ugnayan ng tekstuwal na datos, lokal na kaalaman, posisyonalidad ng mga mananaliksik, at kritikal na akademikong pagsusuri. Sa RTA, kinikilala na ang mananaliksik ay aktibong kalahok sa pagbuo ng kahulugan, kaya mahalaga ang patuloy na *reflexivity* sa proseso ng interpretasyon. Lumabas sa pagsusuri ang anim na pangunahing tema: (1) *Insider Positionality* Bilang Daluyan ng Buhay na Kaalaman at Lokal na Pag-unawa; (2) Tulay na Bato Bilang Lugar ng Pagkakatagpo ng Alaala at Akademikong Interpretasyon; (3) *Outsider Perspective* Bilang Mekanismo ng Kritikal na Balanse at Akademikong Integridad; (4) *Reflexive Negotiation* sa Pagitan ng Lokal na Alaala at Tekstuwal na Ebidensiya; (5) *Reflexivity* Bilang Proseso ng Etikal at Mapagnilay na Pagbuo ng Kaalaman; at (6) *Reflexive Scholarship* Bilang Tulay sa Pagpapanatili ng Lokal na Identidad at Kaalunang Pangkomunidad.

***Tema 1: Insider Positionality Bilang Daluyan ng Buhay na Kaalaman at Lokal na Pag-unawa.***

Ipinakita ng pagsusuri na ang *insider positionality* bilang daluyan ng buhay na kaalaman at lokal na pag-unawa ay naging mahalagang salik sa pagbuo ng interpretasyon sa *Alamat ng Barangay Atulayan*. Sa lente ng RTA nina Braun at Clarke (2021), ang kahulugan ng datos ay hindi itinuturing na nakapirmi sa teksto lamang, kundi nabubuo sa interaksiyon ng teksto, konteksto, at posisyon ng mananaliksik. Sa ganitong pananaw, ang lokal na kaalaman ng mga insider ay nagsilbing mahalagang kontekstuwal na sangkap sa pag-unawa sa mga simbolo, lugar, at karanasang nakapaloob sa alamat. Lumabas sa pagsusuri na ang walong mananaliksik na may direktang ugnayang pangkultura sa Barangay Atulayan ay nagdala ng kaalamang nagmula sa personal na karanasan, ugnayang pampamilya, at pakikisalamuha sa komunidad. Ang kanilang karanasan sa Tulay na Bato bilang isang aktuwal na pook na may kaugnayan sa salaysay ay nagbigay ng mas malalim na pag-unawa sa kahulugan ng espasyo bilang bahagi ng kolektibong alaala ng pamayanan. Gayunpaman, kinilala sa proseso ng *reflexivity* na ang ganitong karanasan ay hindi ginamit bilang patunay ng historikal na katotohanan ng mga pangyayari sa alamat, kundi bilang isang mahalagang lente upang maunawaan kung bakit nananatiling makabuluhan ang salaysay para sa mga taga-Atulayan. Ang ganitong paglapit ay umaayon sa konsepto ng *researcher positionality*, kung saan kinikilala na ang kaalaman ay nabubuo mula sa partikular na lokasyon, karanasan, at ugnayang panlipunan ng mananaliksik.

Sa halip na ituring ang pagiging *insider* bilang hadlang sa pagiging obhetibo, ipinakikita ng repleksibong pananaliksik na ang pagiging malapit sa isang komunidad ay maaaring maging mapagkukunan ng mas malalim na pag-unawa kung ito ay sinasamahan ng kritikal na pagsusuri at kamalayan sa sariling posisyon (Starfield, 2013; Kitagawa, 2023). Sa kabuuan, ipinakikita ng tema na ang *insider positionality* ay nagsilbing mahalagang tulay sa pag-unawa sa lokal na kahulugan ng alamat, habang ang *reflexivity* ang nagpanatili sa interpretasyon na kritikal at nakabatay sa datos.

***Tema 2: Tulay na Bato Bilang Lugar ng Pagkakatagpo ng Alaala at Akademikong Interpretasyon.***

Lumabas sa pagsusuri na ang Tulay na Bato ay nagsilbing mahalagang espasyo kung saan nagtagpo ang personal na alaala ng komunidad at akademikong interpretasyon ng *Alamat ng Barangay Atulayan*. Sa proseso ng RTA, hindi lamang ito binasa bilang pisikal na estrukturang binanggit sa naratibo, kundi bilang isang espasyong binibigyang-kahulugan sa pamamagitan ng karanasan, alaala, at ugnayang panlipunan ng mga taong may kaugnayan dito (Braun & Clarke, 2021). Para sa mga mananaliksik na *insider* sa komunidad, ang Tulay na Bato ay nagtataglay ng personal at pampamilyang kahulugan dahil sa aktuwal na karanasan at pagkakaugnay nila sa lugar. Ang kanilang karanasan sa pook ay nagbigay ng mas malalim na konteksto sa pagbasa sa tulay bilang bahagi ng buhay na alaala ng pamayanan. Gayunpaman, sa repleksibong pagsusuri, kinilala na ang personal na ugnayan sa lugar ay hindi awtomatikong nangangahulugan ng ganap na interpretasyong tama, kundi isang partikular na pananaw na kailangang suriin kasabay ng tekstuwal na ebidensiya at teoretikal na lente. Samantala, mula sa akademikong pananaw, ang Tulay na Bato ay lumitaw bilang simbolikong espasyo na kumakatawan sa kolektibong pagkilos, pagtutulungan, at pagpapatuloy ng komunidad. Sa pamamagitan ng pagsusuri gamit ang konsepto ni Lefebvre (1991) hinggil sa produksyon ng espasyo, ang tulay ay hindi lamang itinuturing bilang materyal na bagay kundi bilang espasyong nilikha at binigyang-kahulugan ng mga karanasan, sakripisyo, at alaala ng pamayanan. Kaugnay nito, ipinakikita ng konsepto ni Nora (1989) ng *lieux de mémoire* kung paano nagiging tagapagdala ng kolektibong gunita ang isang lugar kapag ito ay inuugnay ng komunidad sa mahahalagang karanasan at pangyayari. Sa pangkalahatan, ipinakikita ng tema na ang Tulay na Bato ay naging mahalagang espasyo kung saan nagtagpo ang kolektibong alaala, lokal na karanasan, at akademikong pagbibigay-kahulugan.

***Tema 3: Outsider Perspective Bilang Mekanismo ng Kritikal na Balanse at Akademikong Integridad.***

Ipinakita ng pagsusuri na ang *outsider perspective bilang mekanismo ng kritikal na balanse at akademikong integridad* ay naging mahalagang bahagi ng proseso ng pagbuo ng mas balanseng interpretasyon sa *Alamat ng Barangay Atulayan*. Sa lente ng RTA nina Braun at Clarke (2021), ang pagsusuri ng datos ay hindi nakasalalay sa iisang pananaw lamang, kundi nabubuo sa patuloy na pagninilay sa ugnayan ng mananaliksik, datos, at konteksto. Sa ganitong proseso, ang pananaw ng akademikong katuwang mula sa Philippine Normal University South Luzon ay nagsilbing kritikal na posisyon na tumulong upang masuri ang mga interpretasyong nagmula sa lokal na karanasan ng mga insider. Lumabas sa pagsusuri na ang outsider perspective ay nakatulong upang matiyak na ang pagbasa sa alamat ay nananatiling nakabatay sa tekstuwal na ebidensiya at mga teoretikal na lente, sa halip na umasa lamang sa personal na alaala o malapit na ugnayan ng mga mananaliksik sa komunidad. Mahalaga ang papel na ito lalo na sa pagsusuri ng mga simbolo, katawagan, at representasyon ng mga pangkat na binanggit sa salaysay, kung saan kinakailangan ang mas maingat at responsableng interpretasyon. Gayunpaman, ipinakita ng pagsusuri na ang *outsider perspective* ay hindi nagsilbing pagsalungat o pagwawalang-bisa sa

lokal na kaalaman. Sa halip, ito ay nagsilbing kritikal na kausap na nagbigay-daan sa mas malalim na pagsusuri at paglinaw ng mga kahulugang nabuo mula sa teksto at karanasan ng komunidad. Ang pagsasanib ng *insider knowledge* at *outsider critique* ay nagbigay ng balanseng paraan ng pagbasa kung saan kinikilala ang halaga ng lokal na karanasan habang pinananatili ang pamantayan ng akademikong pagsusuri. Ang ganitong resulta ay umaayon sa pananaw ni Starfield (2013) hinggil sa *researcher reflexivity*, kung saan ang mananaliksik ay inaasahang maging mulat sa sariling posisyon at sa paraan kung paano ito nakaaapekto sa paglikha ng kaalaman. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng magkakaibang posisyon sa pangkat ng mananaliksik, naging posible ang patuloy na pag-uusap, pagsusuri, at rebisyon ng mga interpretasyon. Sa kabuuan, ipinakikita ng tema na ang *outsider perspective* ay nakatulong sa pagpapanatili ng kritikal na distansiya, balanseng interpretasyon, at akademikong integridad ng pagsusuri.

***Tema 4: Reflexive Negotiation sa Pagitan ng Lokal na Alaala at Tekstuwal na Ebidensiya.***

Ipinakita ng pagsusuri na ang *reflexive negotiation sa pagitan ng lokal na alaala at tekstuwal na ebidensiya* ay naging mahalagang proseso sa pagbuo ng kahulugan sa *Alamat ng Barangay Atulayan*. Sa pananaw ng RTA nina Braun at Clarke (2021), ang interpretasyon ay hindi simpleng pagkuha ng kahulugang nakapaloob sa datos, kundi isang aktibong proseso ng pagbibigay-kahulugan na naiimpluwensiyahan ng posisyon, karanasan, at pananaw ng mananaliksik. Lumabas sa pagsusuri na ang personal na karanasan ng mga mananaliksik bilang bahagi ng komunidad ay nagbigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga simbolo at espasyong binanggit sa alamat, partikular ang Tulay na Bato. Gayunpaman, kinilala na ang mga karanasang ito ay nagsilbing kontekstuwal na gabay lamang at hindi ginamit bilang kapalit ng tekstuwal na pagsusuri. Sa halip, ang bawat interpretasyon ay patuloy na sinuri batay sa nilalaman ng alamat at sa mga teoretikal na lente ng pag-aaral. Makikita ang prosesong ito sa pagsusuri sa mga katawagang “Baluga” at “Aeta” na matatagpuan sa orihinal na salaysay. Bagama’t mahalaga ang mga katawagang ito sa pag-unawa sa konteksto ng alamat, kinilala ng mga mananaliksik ang limitasyon ng magagamit na historikal at etnograpikong impormasyon upang maiwasan ang pagbibigay ng konklusyong lampas sa saklaw ng datos. Sa halip, pinanatili ang mga terminong ginamit sa orihinal na teksto habang isinasaalang-alang ang komplikasyon ng representasyon at identidad ng mga pangkat na binanggit. Ang ganitong pag-iingat sa pagbibigay-kahulugan ay kaugnay ng binibigyang-diin ni Kitagawa (2023) hinggil sa kahalagahan ng *researcher positionality* sa pananaliksik na nakaugnay sa mga komunidad na may partikular na kasaysayan at identidad. Ayon sa pananaw na ito, ang mananaliksik ay kailangang maging mulat sa sariling posisyon at sa kapangyarihang kaakibat ng proseso ng pagbuo ng representasyon. Sa konteksto ng *Alamat ng Barangay Atulayan*, ipinakita ng pagsusuri na ang pagkilala sa mga katawagang “Baluga” at “Aeta” ay nangangailangan ng pagiging maingat upang hindi magtalaga ng identidad o kahulugang lampas sa sinusuportahan ng umiiral na datos. Ang ganitong proseso ay nagpapakita ng kahalagahan ng *reflexivity* sa kwalitatibong pananaliksik sapagkat hinihikayat nito ang mananaliksik na suriin hindi lamang ang datos kundi pati ang sariling paraan ng pagbasa at pagbibigay-kahulugan dito. Kaugnay nito, binibigyang-diin ni Starfield (2013, 2025) na ang *reflexivity* sa kwalitatibong pananaliksik ay isang patuloy na proseso ng pagsusuri sa sariling posisyon, pagpapalagay, at impluwensiya ng mananaliksik sa pagbuo ng kaalaman, kung saan kinikilala na ang interpretasyon ay nalilikha sa ugnayan ng mananaliksik, datos, at konteksto. Sa pangkalahatan, ipinakikita ng tema na ang *reflexive negotiation* ay nagbigay-daan sa maingat na pagsasanib ng lokal na alaala at tekstuwal na ebidensiya nang hindi lumalampas sa saklaw ng datos.

***Tema 5: Reflexivity Bilang Proseso ng Etikal at Mapagnilay na Pagbuo ng Kaalaman.***

Ipinakita ng pagsusuri na ang *reflexivity* bilang proseso ng etikal at mapagnilay na pagbuo ng kaalaman ay naging mahalagang bahagi sa pagbuo ng responsable at etikal na interpretasyon ng *Alamat ng Barangay Atulayan*. Sa pamamagitan ng patuloy na pagsusuri sa sariling posisyon, karanasan, at mga pagpapalagay, naging mulat ang mga mananaliksik sa paraan kung paano maaaring maimpluwensiyahan ng kanilang ugnayan sa komunidad ang pagbibigay-kahulugan sa datos (Braun & Clarke, 2021; Starfield, 2013). Lumabas na ang pagiging bahagi ng komunidad ng ilang mananaliksik ay nagbigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga simbolo, lugar, at salaysay na nakapaloob sa alamat. Gayunpaman, kinilala rin nila na ang ganitong lapit ay may kaakibat na responsibilidad upang maiwasan ang sobrang pagpapakahulugan, romantisasyon, o pagbibigay ng konklusyong hindi sapat na sinusuportahan ng datos. Dahil dito, ang *reflexivity* ay nagsilbing mekanismo upang balansehin ang lapit sa komunidad at ang pangangailangan para sa kritikal na pagsusuri. Mahalaga ang ganitong proseso lalo na sa pagsusuri ng mga usaping may kaugnayan sa identidad at representasyon ng mga pangkat na binanggit sa alamat. Sa halip na ituring ang sariling pananaw bilang ganap na awtoridad sa pagbibigay-kahulugan, kinilala ng mga mananaliksik ang limitasyon ng kanilang kaalaman at ang pangangailangan para sa maingat na representasyon ng lokal na kultura. Kaugnay nito, binibigyang-diin ni Kitagawa (2023) na ang *researcher positionality* ay may mahalagang papel sa etikal na pagbuo ng kaalaman, lalo na sa mga pananaliksik na may kaugnayan sa mga komunidad na may partikular na kasaysayan at identidad. Ang ganitong resulta ay umaayon din sa pananaw ni Starfield (2013) na ang *reflexivity* ay hindi lamang pagkilala sa presensya ng mananaliksik sa pananaliksik, kundi isang patuloy na pagsusuri kung paano nakikilahok ang kaniyang posisyon sa paglikha ng kahulugan. Sa ganitong paraan, ang pagiging repleksibo ay hindi nag-aalis ng impluwensiya ng mananaliksik, kundi ginagawa itong malinaw at masusuri sa loob ng proseso ng pananaliksik. Sa madaling salita, ipinakikita ng tema na ang *reflexivity* ay nagsilbing etikal na mekanismo upang makilala ang sariling posisyon, limitasyon, at pananagutan ng mga mananaliksik sa pagbuo ng kaalaman.

***Tema 6: Reflexive Scholarship Bilang Tulay sa Pagpapanatili ng Lokal na Identidad at Kaalunang Pangkomunidad.***

Lumabas sa pagsusuri na ang *reflexive scholarship* bilang tulay sa pagpapanatili ng lokal na identidad at kaalunang pangkomunidad ay nagsilbing mahalagang proseso sa pag-uugnay ng lokal na karanasan at akademikong pagsusuri sa pagbuo ng interpretasyon ng *Alamat ng Barangay Atulayan*. Ipinakita na ang alamat ay hindi lamang isang tekstong naglalaman ng salaysay mula sa nakaraan, kundi isang buhay na anyo ng kaalamang pangkomunidad na patuloy na binibigyang-kahulugan sa pamamagitan ng mga karanasan, alaala, at ugnayan ng mga taong nagdadala nito. Natukoy na ang pagsasanib ng *insider* at *outsider perspectives* ay nagbigay-daan sa mas malalim at balanseng pag-unawa sa alamat. Ang mga insider na mananaliksik ay nag-ambag ng lokal na kaalaman, personal na karanasan, at kultural na konteksto na mahalaga sa pagbasa ng mga simbolo at espasyong binanggit sa salaysay. Samantala, ang *outsider perspective* ay nagsilbing kritikal na mekanismo upang masuri ang mga interpretasyon batay sa tekstuwal na ebidensiya at mga pamantayang akademiko. Sa ganitong proseso, nabuo ang isang interpretasyong hindi lamang nakabatay sa pagiging malapit sa komunidad kundi sa patuloy na pagninilay at pagsusuri sa sariling posisyon ng mananaliksik (Braun & Clarke, 2021; Starfield, 2013). Mula sa pananaw ng *cultural memory*, ang alamat ay nagsisilbing daluyan ng pagpapanatili ng kolektibong alaala at pagkakakilanlan ng pamayanan sapagkat ang mga salaysay, simbolo, at karanasang nakapaloob dito ay patuloy na ipinapasa at binibigyang-kahulugan ng mga susunod na salinlahi (Assmann, 1995). Sa konteksto ng Atulayan, ang mga elementong tulad ng Tulay na Bato, pangalan ng lugar, at mga pangyayaring kaugnay ng mga ninuno ay hindi lamang bahagi ng nakaraang kuwento kundi mga tagapagdala ng kahulugang bumubuo sa

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

pagkakakilanlan ng komunidad. Sa pangkalahatan, ipinakikita ng tema na ang *reflexive scholarship* ay nag-uugnay sa lokal na karanasan at akademikong pagsusuri upang mapanatili at mapalalim ang pag-unawa sa lokal na identidad at kaalamang pangkomunidad.

Ipinapakita sa Figura 1 ang mga pangunahing resulta ng pag-aaral. Makikita rito ang mahahalagang datos na nakalap mula sa mga respondente, na nagpapakita ng pangkalahatang kalagayan o resulta ng isinagawang pananaliksik.




**Pigura 1**
***Konseptuwal na Mapa ng Posisyong Repleksibo sa Pagbuo ng Interpretasyon ng Alamat ng Barangay Atulayan***

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga tema na ang interpretasyon sa *Alamat ng Barangay Atulayan* ay nabuo sa masalimuot na ugnayan ng insider knowledge, outsider perspective, lokal na alaala, tekstuwal na ebidensiya, at *reflexivity*. Ang pagsasanib ng mga pananaw na ito ay nagbigay-daan sa isang mas balanseng, etikal, at akademikong pag-unawa sa alamat bilang hindi lamang isang salaysay ng nakaraan, kundi isang buhay na pamanang kultural na nag-uugnay sa alaala, identidad, at kaalamang pangkomunidad.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

**Pagkakatugma at Pagkakaiba ng mga Interpretasyon:** ***Isang Reflexive Synthesis ng mga Pananaw ng Insiders at Outsider***

Batay sa *Reflexive Thematic Analysis (RTA)* nina Braun at Clarke (2021), ang interpretasyon ng *Alamat ng Barangay Atulayan* ay hindi lamang nakasalalay sa nilalaman ng naratibo kundi maging sa posisyonalidad, karanasan, at teoretikal na lente ng mga mananaliksik. Sa pagsusuri, lumitaw ang kapwa pagkakatugma at pagkakaiba ng pananaw ng *cultural insiders* at *academic outsider*. Hindi naging hadlang ang mga pagkakaibang ito sa pag-unawa sa alamat; sa halip, naging mahalagang bahagi ang mga ito ng pagbuo ng mas malalim at balanseng interpretasyon.

**Talahanayan 5**
***Pagkakatugma at Pagkakaiba ng mga Interpretasyon ng Insiders at Outsider Batay sa Reflexive Thematic Analysis***

| Umuusbong na Tema (Emerging Themes) | Pagkakatugma ng Interpretasyon (Convergence) | Pagkakaiba ng Interpretasyon (Divergence) | Repleksibong Pagsusuri (Reflexive Analysis) |
|---|---|---|---|
| **Tema 1. Ang Espasyo Bilang Lunduyan ng Katutubong Kabuhayan at Pagkakakilanlan** | Kapwa kinilala ng *insiders* at *outsider* na ang Amuyao ay nagsisilbing unang pamayananang nakaugat sa kalikasan at kabuhayan ng mga Baluga. Parehong nakita na ang pangangaso, pangingisda, at pagtatanim ay hindi lamang paraan ng pamumuhay kundi mga gawaing bumuo sa identidad ng komunidad. | Para sa *insiders*, ang Amuyao ay isang pook na kaugnay ng lokal na heograpiya, alaala, at kasaysayan ng Calauag. Para naman sa *outsider*, ang Amuyao ay inuunawa bilang halimbawa ng *spatial practice* ni Lefebvre (1991), kung saan ang espasyo ay nalilikha at nabibigyang-kahulugan sa pamamagitan ng araw-araw na gawain ng tao. | Sa pagsasanib ng dalawang pananaw, ang Amuyao ay naunawaan bilang parehong pisikal na lugar at simbolikong espasyo ng pagkakakilanlan, kung saan nagtatagpo ang lokal na alaala at teoretikal na pagbasa sa ugnayan ng tao at kapaligiran. |
| **Tema 2. Ang Politika ng Pagbubukod at Marahas na Pagpapanatili ng Kapangyarihan** | Kapwa nakita ng *insiders* at *outsider* na ang pagpapatalsik sa mga Aeta at ang pamumuno ni Haring Bungil ay nagpapakita ng tensiyon sa pagitan ng kapangyarihan, teritoryo, at pagkakaroon ng awtoridad sa komunidad. | Para sa *insiders*, ang pangyayari ay maaaring iugnay sa mga sinaunang salaysay tungkol sa pamumuno at tunggalian ng mga pangkat sa lokal na kasaysayan. Para sa *outsider*, ito ay sinusuri bilang manipestasyon ng *power relations* at mekanismo ng pagbubukod gamit ang pananaw ni Foucault (1980). | Ang dalawang pananaw ay nagtagpo sa pag-unawa na ang alamat ay hindi lamang kuwento ng nakaraan kundi isang salaysay tungkol sa kung paano ginagamit at hinahamon ang kapangyarihan sa pagbuo ng mga komunidad. |
| **Tema 3. Ang Krisis ng Pamumuno at ang Biyaya ng Sakripisyo** | Kapwa kinilala na ang pagkamatay ni Haring Bungil ay nagsilbing mahalagang punto ng pagbabago sa daloy ng kuwento at kasaysayan ng pamayanan. | Para sa *insiders*, ang pagkamatay ng hari ay sumasalamin sa bigat ng alaala at pagkawala ng isang pinuno. Para sa *outsider*, ito ay sinusuri bilang arketipo ng pagbagsak ng pinuno at pagbabagong panlipunan batay sa mga pag-aaral ng mito at naratibo. | Sa pagsasanib ng pananaw, ang kamatayan ni Bungil ay hindi lamang pagkawala ng lider kundi isang pangyayaring naging pundasyon ng bagong kaayusan at kolektibong pagkakakilanlan. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Tema 4. Ang Basket Pulo Bilang Materyal na Sisidlan ng Kolektibong Memorya** | Kapwa nakita ng dalawang grupo na ang Basket Pulo ay simbolo ng paggalang, ritwal, at pag-iingat sa alaala ng namatay na pinuno. | Para sa *insiders*, ang Basket Pulo ay kaugnay ng lokal na pagpapahalaga sa paghahabi at tradisyunal na kagamitan. Para sa *outsider*, ito ay binibigyang-kahulugan bilang simbolikong sisidlan ng sagradong alaala at identidad batay sa arketipal na pagbasa. | Ang Basket Pulo ay naunawaan bilang materyal na bagay na nag-uugnay sa nakaraan at kasalukuyan, kung saan ang isang kagamitan ay nagiging tagapagdala ng kolektibong gunita. |
| **Tema 5. Ang Bayanihan Bilang Kolektibong Tugon sa Heograpikal na Hadlang** | Kapwa kinilala na ang pagtatayo ng tulay ay nagpapakita ng pagkakaisa at sama-samang pagkilos ng komunidad. | Para sa *insiders*, ang bayanihan ay pamilyar na pagpapahalagang buhay pa rin sa lokal na karanasan. Para sa *outsider*, ito ay sinusuri bilang transisyon mula sa pisikal na hadlang tungo sa bagong organisasyon ng espasyo gamit ang konsepto ni Lefebvre (1991). | Ang bayanihan ay lumitaw bilang tulay sa pagitan ng materyal na pangangailangan at panlipunang pagkakaisa, kung saan ang sama-samang pagkilos ang nagbago sa kahulugan ng lugar. |
| **Tema 6. Ang Tulay na Bato Bilang Monumento ng Pundasyonal na Sakripisyo** | Kapwa nakita ng *insiders* at *outsider* na ang Tulay na Bato ay hindi lamang estruktura kundi simbolo ng sakripisyo at pagpapatuloy ng komunidad. | Para sa *insiders*, ang tulay ay bahagi ng lokal na alaala at pagkakakilanlan ng Atulayan. Para sa *outsider*, ito ay sinusuri bilang simbolikong pundasyon ng isang komunidad batay sa konsepto ng *foundation sacrifice* at representational space. | Ang Tulay na Bato ay naging materyal na tala ng kasaysayan, kung saan ang pisikal na estruktura ay nagsisilbing tagapagdala ng alaala, pagkawala, at muling pagbuo. |
| **Tema 7. Ang "Pinagtulayan": Pagsilang ng Bagong Komunidad Mula sa Labi ng Nakaraan** | Kapwa kinilala na ang pangalang Atulayan ay nagmula sa karanasan ng pagtatayo ng tulay at sumisimbolo sa pagbabago ng komunidad. | Para sa *insiders*, ang Atulayan ay pangalan na naglalaman ng lokal na pagmamalaki at kasaysayan. Para sa *outsider*, ito ay halimbawa ng pagbabago ng kahulugan ng espasyo kung saan ang iniwang marka ng isang pangkat ay naging pundasyon ng identidad ng sumunod na komunidad. | Sa kabuuan, ang Atulayan ay naunawaan bilang espasyong naglalaman ng maraming patong ng kasaysayan, kung saan ang pagkawala, migrasyon, at pakikipag-ugnayan ng mga pangkat ay bumuo ng bagong identidad ng lugar. |

***Tema 1: Ang Espasyo Bilang Lunduyan ng Katutubong Kabuhayan at Pagkakakilanlan.***

Sa unang tema, nagtagpo ang dalawang pananaw sa pagkilala sa Amuyao bilang espasyong mahalaga sa kabuhayan at identidad ng pamayanang Baluga. Ang pagkakaiba ay higit na nasa paraan ng pagbasa: ang *insiders* ay nakatuon sa lokal na karanasan at alaala, samantalang ang *outsider* ay gumagamit ng konsepto ni Lefebvre (1991) upang maunawaan ang espasyo bilang panlipunang produkto. Sa ganitong pagsasanib, ang Amuyao ay hindi lamang pisikal na lugar kundi isang kultural na espasyong nabubuo sa ugnayan ng tao, kapaligiran, at kolektibong karanasan. Kaugnay nito, ang pagkakatulad ng pangalang "Amuyao" sa iba pang toponimo ay nangangailangan ng repleksibo na pag-iingat. Ang pagkakapareho ng

ISSN:3116-4692

pangalan ay hindi sapat upang patunayan ang iisang lugar, pinagmulan, o *historical correspondence*. Sa halip, maaari itong magsilbing panimulang punto para sa hiwalay na lingguwistiko, *oral-historical*, *archival,* o kartograpikal na pagsusuri (Tent & Blair, 2011). Ang ganitong pag-iingat ay mahalaga sapagkat ang interpretasyon ng isang toponimo ay maaaring maimpluwensiyahan ng dating kaalaman at posisyon ng mananaliksik (Dwyer & Buckle, 2009).

***Tema 2: Ang Politika ng Pagbubukod at Marahas na Pagpapanatili ng Kapangyarihan*.**

Lumabas sa pagsusuri na ang Tulay na Bato ay nagsilbing mahalagang espasyo kung saan nagtagpo ang personal na alaala ng komunidad at akademikong interpretasyon ng *Alamat ng Barangay Atulayan*. Sa proseso ng RTA, hindi lamang ito binasa bilang pisikal na estrukturang binanggit sa naratibo, kundi bilang isang espasyong binibigyang-kahulugan sa pamamagitan ng karanasan, alaala, at ugnayang panlipunan ng mga taong may kaugnayan dito. Para sa mga mananaliksik na *insider* sa komunidad, ang Tulay na Bato ay nagtataglay ng personal at pampamilyang kahulugan dahil sa aktuwal na karanasan at pagkakaugnay nila sa lugar. Ang kanilang karanasan sa pook ay nagbigay ng mas malalim na konteksto sa pagbasa sa tulay bilang bahagi ng buhay na alaala ng pamayanan. Gayunpaman, sa repleksibo na pagsusuri, kinilala na ang personal na ugnayan sa lugar ay hindi awtomatikong nangangahulugan ng ganap na interpretasyong tama, kundi isang partikular na pananaw na kailangang suriin kasabay ng tekstuwal na ebidensiya at teoretikal na lente. Samantala, mula sa akademikong pananaw, ang Tulay na Bato ay lumitaw bilang simbolikong espasyo na kumakatawan sa kolektibong pagkilos, pagtutulungan, at pagpapatuloy ng komunidad. Sa pamamagitan ng pagsusuri gamit ang konsepto ni Lefebvre (1991) hinggil sa produksyon ng espasyo, ang tulay ay hindi lamang itinuturing bilang materyal na bagay kundi bilang espasyong nilikha at binigyang-kahulugan ng mga karanasan, sakripisyo, at alaala ng pamayanan. Kaugnay nito, ang konsepto ni Nora (1989) ng *lieux de mémoire* ay nagpapakita kung paano nagiging tagapagdala ng kolektibong gunita ang isang lugar kapag ito ay inuugnay ng komunidad sa mahahalagang karanasan at pangyayari. Sa pangkalahatan, ipinakikita ng Tema 2 na ang kahulugan ng Tulay na Bato ay nabuo sa pagsasanib ng dalawang dimensiyon ng pag-unawa: ang buhay na karanasan ng mga *insider* at ang kritikal na interpretasyon mula sa akademikong pagsusuri. Sa pamamagitan ng *reflexive engagement*, ang tulay ay lumitaw hindi lamang bilang bahagi ng alamat kundi bilang espasyong nag-uugnay sa alaala, identidad, at proseso ng pagbuo ng kaalaman tungkol sa kultura ng Atulayan.

***Tema 3: Ang Krisis ng Pamumuno at ang Biyaya ng Sakripisyo.***

Lumabas sa pagsusuri na ang *outsider perspective* ay nakatulong upang matiyak na ang pagbasa sa alamat ay nananatiling nakabatay sa tekstuwal na ebidensiya at mga teoretikal na lente, sa halip na umasa lamang sa personal na alaala o malapit na ugnayan ng mga mananaliksik sa komunidad. Mahalaga ang papel na ito lalo na sa pagsusuri ng mga simbolo, katawagan, at representasyon ng mga pangkat na binanggit sa salaysay, kung saan kinakailangan ang mas maingat at responsableng interpretasyon. Gayunpaman, ipinakita ng pagsusuri na ang *outsider perspective* ay hindi nagsilbing pagsalungat o pagwawalang-bisa sa lokal na kaalaman. Sa halip, ito ay nagsilbing kritikal na kausap na nagbigay-daan sa mas malalim na pagsusuri at paglinaw ng mga kahulugang nabuo mula sa teksto at karanasan ng komunidad. Ang pagsasanib ng *insider knowledge* at *outsider critiqu*e ay nagbigay ng balanseng paraan ng pagbasa kung saan kinikilala ang halaga ng lokal na karanasan habang pinananatili ang pamantayan ng akademikong pagsusuri. Ang ganitong resulta ay umaayon sa pananaw ni Starfield (2013) hinggil sa *researcher reflexivity*, kung saan ang mananaliksik ay inaasahang maging mulat sa sariling posisyon at sa paraan kung paano ito nakaaapekto sa paglikha ng kaalaman. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng magkakaibang posisyon sa pangkat ng mananaliksik, naging posible ang patuloy na pag-uusap, pagsusuri, at rebisyon ng mga interpretasyon.Sa madaling salita, ipinakikita ng Tema 3 na ang *outsider perspective* ay hindi lamang

Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

paraan upang magkaroon ng distansiya sa lokal na karanasan, kundi isang mahalagang mekanismo upang mapanatili ang kritikal na balanse at akademikong integridad ng pananaliksik. Sa pamamagitan nito, ang *Alamat ng Barangay Atulayan* ay nasuri bilang tekstong kultural na maaaring maunawaan mula sa parehong pananaw ng komunidad at ng mas malawak na akademikong diskurso.

***Tema 4. Ang Basket Pulo Bilang Materyal na Sisidlan ng Kolektibong Memorya.***

Sa ikaapat na Tema, ang Basket Pulo ay lumitaw bilang materyal na tagapagdala ng kolektibong alaala. Ang lokal na kahulugan nito bilang bahagi ng materyal na kultura ay napalalim ng *outsider interpretation* na tumitingin dito bilang simbolikong sisidlan ng gunita. Kaugnay ng mga konsepto nina Halbwachs (1992), Assmann (2011), at Nora (1989), ipinakikita nito kung paano maaaring maging daluyan ng alaala ang isang bagay, lugar, o materyal na simbolo. Sa ganitong pagbasa, ang Basket Pulo ay lumalampas sa pagiging kagamitan at nagiging representasyon ng ugnayan ng nakaraan at kasalukuyan.

***Tema 5. Ang Bayanihan Bilang Kolektibong Tugon sa Heograpikal na Hadlang.***

Lumitaw sa pagsusuri na ang pagtatayo ng tulay ay kapwa kinilala ng *insiders* at *outsider* bilang isang mahalagang proseso ng pagbabago sa loob ng komunidad. Para sa *insiders*, ang pangyayaring ito ay sumasalamin sa lokal na pagpapahalaga sa bayanihan, kung saan ang sama-samang pagkilos ay bahagi ng kolektibong karanasan at pagpapahalaga ng mga taga-Atulayan. Para naman sa *outsider*, ang pagtatayo ng tulay ay nagpapakita kung paano binabago ng mga tao ang kahulugan ng isang espasyo sa pamamagitan ng kolektibong pagkilos at pagtugon sa mga hamong kinakaharap ng komunidad. Ang ganitong interpretasyon ay maaaring iugnay sa pananaw ni Lefebvre (1991) na ang espasyo ay nalilikha hindi lamang bilang pisikal na estruktura kundi sa pamamagitan ng mga gawaing panlipunan at ugnayang nabubuo sa loob nito. Sa *reflexive synthesis*, ipinakita na ang pagtatayo ng tulay ay hindi lamang isang pisikal na gawain upang malampasan ang heograpikal na hadlang, kundi isang panlipunang proseso na nagbigay-daan sa pagbuo ng bagong ugnayan, pagkakaisa, at identidad ng pamayanan. Ang tulay ay naging simbolo ng kakayahan ng komunidad na lumikha ng solusyon mula sa sama-samang karanasan at pagkilos.

***Tema 6. Ang Tulay na Bato Bilang Monumento ng Pundasyonal na Sakripisyo.***

Lumitaw sa pagsusuri na ang Tulay na Bato ay higit na naunawaan ng *insiders* at *outsider* bilang isang simbolong lumalampas sa pisikal na katangian nito bilang estruktura. Para sa *insiders*, ang tulay ay bahagi ng buhay na alaala ng Atulayan sapagkat ito ay nakaugnay sa mga salaysay, karanasan, at lokal na pagkakakilanlan ng komunidad. Para naman sa *outsider*, ang tulay ay maaaring unawain bilang isang simbolikong monumento ng sakripisyo, pagkawala, at muling pagtatatag ng isang pamayanan. Ang pagbasa rito bilang isang makabuluhang espasyo ay kaugnay ng konsepto ni Nora (1989) tungkol sa *lieux de mémoire*, kung saan ang mga lugar at bagay ay nagiging tagapagdala ng alaala ng isang pangkat. Kaugnay din ito ng pananaw ni Lefebvre (1991) na ang espasyo ay hindi lamang pisikal na realidad kundi produkto ng mga karanasan, kasaysayan, at panlipunang kahulugan. Sa pagsasanib ng dalawang pananaw, lumitaw na ang mga materyal na bagay ay maaaring magsilbing tagapagdala ng kasaysayan at kolektibong alaala (Assmann, 2011). Ang Tulay na Bato ay hindi lamang isang pisikal na marka sa espasyo, kundi isang simbolikong tala ng paghihirap, pagtutulungan, at pagpapatuloy ng komunidad matapos ang isang mahalagang pagbabago sa kanilang kasaysayan.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

***Tema 7. Ang "Pinagtulayan": Pagsilang ng Bagong Komunidad Mula sa Labi ng Nakaraan.***

Sa huling tema, lumitaw ang pagkakatugma ng *insiders* at *outsider* sa pag-unawa na ang pangalang "Atulayan" ay higit pa sa isang heograpikal na katawagan. Para sa *insiders*, ang pangalan ay naglalaman ng lokal na pagmamalaki, alaala, at pagkakakilanlan ng komunidad. Para naman sa *outsider*, ito ay nagpapakita ng transpormasyon ng espasyo kung saan ang isang lugar ay nagkakaroon ng panibagong kahulugan batay sa mga karanasan, pangyayari, at ugnayang panlipunang nabuo rito. Ang ganitong pagtingin sa pangalan at espasyo ay umaayon sa pananaw ni Lefebvre (1991) na ang mga lugar ay patuloy na nililikha sa pamamagitan ng mga karanasan at kahulugang panlipunang iniuugnay rito ng mga tao. Sa parehong paraan, ipinapakita ni Assmann (2011) na ang kolektibong alaala ay mahalagang bahagi ng pagpapanatili ng identidad ng isang komunidad sapagkat ito ang nag-uugnay sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap. Sa *reflexive synthesis*, ipinakita na ang Atulayan ay hindi lamang isang lugar na may pisikal na hangganan, kundi isang buhay na espasyo ng alaala, pakikipag-ugnayan, at patuloy na pagbuo ng identidad. Ang pangalan ng komunidad ay naging representasyon ng proseso ng pagbabago kung saan ang nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap ay nagtatagpo sa isang kolektibong pagkakakilanlan.

Sa kabuuan, ipinakita ng pitong tema na ang *Alamat ng Barangay Atulayan* ay sumasalamin sa ugnayan ng espasyo, kapangyarihan, kultura, sakripisyo, kolektibong alaala, at pagkakakilanlan. Sa pagsasanib ng pananaw ng *insiders* at *outsider*, higit na naunawaan ang alamat bilang isang buhay na tekstong kultural na nag-uugnay sa nakaraan, karanasan, at patuloy na paghubog ng identidad ng komunidad.

## Implikasyon ng Pag-aaral sa Alamat ng Atulayan para sa Inklusibo at Kulturang Sensitibong Edukasyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ipinakikita na ang *Alamat ng Barangay Atulayan* ay hindi lamang isang salaysay tungkol sa pinagmulan ng isang lugar kundi isang mahalagang batis ng lokal na kaalaman, kolektibong alaala, at pagkakakilanlang pangkultura. Ang mga elemento ng alamat tulad ng mga pook, simbolo, tauhan, at pangyayaring panlipunan ay nagpapakita ng ugnayan ng tao, kapaligiran, kultura, at kasaysayan. Dahil dito, maaaring magsilbi ang lokal na alamat bilang mahalagang sanggunian sa pagbuo ng mas inklusibo at kulturang sensitibong edukasyon. Sa isang banda, ang paggamit ng lokal na salaysay bilang kagamitang panturo ay nagbibigay-daan upang maiugnay ang mga konseptong pang-akademiko sa aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral. Sa halip na manatiling abstrakto ang mga konsepto tulad ng identidad, kultura, heograpiya, at kasaysayan, nagiging higit na makahulugan ang pagkatuto kapag nakaugat ito sa mga pamilyar na lugar at karanasan ng komunidad. Kaugnay nito, binibigyang-diin ng *place-based education* na ang lokal na kapaligiran, kasaysayan, at kultura ay maaaring magsilbing pundasyon sa pagbuo ng makabuluhang pagkatuto (Sobel, 2004).

**Talahanayan 6**
***Mga Pangunahing Implikasyon ng Pag-aaral sa Inklusibo at Kulturang Sensitibong Edukasyon***

| Pangunahing Natuklasan | Kabuluhan sa Edukasyon | Implikasyong Pang-edukasyon |
|---|---|---|
| Ang mga lokal na espasyo tulad ng Amuyao, Ilog Bung-awan, at Tulay na Bato ay naglalaman ng kasaysayan, alaala, at ugnayan ng tao at kapaligiran. | Ang mga lugar sa komunidad ay maaaring magsilbing batis ng kaalaman at konteksto ng pagkatuto. | Maaaring gamitin ang lokal na heograpiya, kasaysayan, at kapaligiran bilang batayan ng *place-based* at kontekstuwalisadong edukasyon. |
| Ang alamat ay nagpapakita ng ugnayan ng kapangyarihan, pagkakaiba-iba ng pangkat, at pagbabago ng komunidad. | Nagbibigay ito ng pagkakataon upang talakayin ang identidad, | Maaaring gamitin ang lokal na salaysay sa pagtuturo ng kultura, kasaysayan, pagpapahalaga, at ugnayang panlipunan. |

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

| | | |
|---|---|---|
| | inklusyon, at kritikal na pag-unawa sa kasaysayan. | |
| Ang mga simbolo tulad ng Basket Pulo, bayanihan, at Tulay na Bato ay nagsisilbing tagapagdala ng kolektibong alaala. | Ipinakikita nito ang halaga ng materyal at di-materyal na kultura bilang bahagi ng pagkatuto. | Maaaring gamitin ang mga lokal na simbolo, tradisyon, at pamanang kultural bilang kagamitang panturo. |
| Ang pagsasanib ng pananaw ng insiders at outsiders ay nagpapakita na ang kaalaman ay nabubuo sa ugnayan ng karanasan at akademikong pagsusuri. | Nagpapalakas ito ng kritikal, mapagnilay, at responsableng pagkatuto. | Maaaring hikayatin ang pananaliksik pangkomunidad at pagbuo ng kaalaman na may paggalang sa lokal na karanasan. |
| Ang lokal na alamat ay maaaring maisalin sa makabagong anyo ng paglalahad. | Nagbibigay ito ng bagong paraan upang mapanatili at maipamahagi ang lokal na kaalaman sa kasalukuyang henerasyon. | Maaaring gamitin ang digital storytelling, multimedia materials, digital maps, at iba pang makabagong kagamitang panturo. |

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ipinakikita na ang *Alamat ng Barangay Atulayan* ay hindi lamang isang salaysay hinggil sa pinagmulan ng isang lugar, kundi isang mahalagang batis ng lokal na kaalaman, kolektibong alaala, at pagkakakilanlang pangkultura. Ang mga espasyo, simbolo, tauhan, at pangyayaring nakapaloob sa alamat ay nagpapakita ng masalimuot na ugnayan ng tao, kapaligiran, kasaysayan, at kultura. Dahil dito, ang lokal na alamat ay maaaring magsilbing makabuluhang sanggunian sa pagbuo ng mga kagamitang panturo at estratehiyang nagtataguyod ng inklusibo at kulturang sensitibong edukasyon.

Ipinapakita ng pag-aaral na ang lokal na salaysay ay may kakayahang pag-ugnayin ang akademikong kaalaman at aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral. Sa halip na manatiling abstrakto ang mga konsepto tulad ng identidad, kultura, espasyo, at kasaysayan, nagiging higit na makahulugan ang pagkatuto kapag ito ay nakaugat sa mga pamilyar na lugar at karanasan ng komunidad. Kaugnay nito, binibigyang-diin ng *place-based education* na ang lokal na kapaligiran, kasaysayan, at kultura ay maaaring magsilbing pundasyon ng makabuluhan at kontekstuwalisadong pagkatuto (Gruenewald, 2003; Sobel, 2004). Sa konteksto ng *Alamat ng Barangay Atulayan*, ang mga lugar tulad ng Amuyao, Ilog Bung-awan na tinatawag ngayon na *Atulayan River* (PhilAtlas, 2026; Google, n.d.*)*, at Tulay na Bato ay hindi lamang mga tagpuan sa kuwento, kundi mga espasyong naglalaman ng alaala, identidad, at ugnayang panlipunan na maaaring gamitin bilang lunsaran ng pag-aaral.

Higit pa rito, ipinakikita ng mga natuklasan na ang lokal na alamat ay maaaring magsilbing daluyan ng *Indigenous* at *community-based knowledge* na mahalaga sa pagpapaunlad ng mas makabuluhang edukasyon. Ang kaalamang nagmumula sa komunidad ay hindi lamang impormasyon tungkol sa nakaraan, kundi isang anyo ng karunungang nabuo sa patuloy na ugnayan ng tao, kapaligiran, at kultura. Kaugnay nito, binibigyang-diin ni Smith (2021) ang kahalagahan ng pagkilala sa mga lokal at katutubong sistema ng kaalaman bilang bahagi ng mas malawak na proseso ng pagbibigay-halaga sa boses at karanasan ng mga komunidad. Dagdag pa rito, ipinapakita ng mga bagong pag-aaral hinggil sa *Indigenous Knowledge System* na ang pagsasama ng lokal na kaalaman sa edukasyon ay nakatutulong sa pagbuo ng mas kontekstuwalisado at inklusibong kapaligiran ng pagkatuto (Dungdung, 2026).

Makikita rin sa pagsusuri na ang *Alamat ng Barangay Atulayan* ay may potensiyal na maging kasangkapan sa kulturang sensitibong pagtuturo. Ang mga usapin hinggil sa pagkakakilanlan, migrasyon,

ugnayan ng mga pangkat, kapangyarihan, at pagbabago ng komunidad ay maaaring magsilbing panimulang punto sa pagtalakay ng mga konseptong panlipunan at historikal. Sa halip na ituring ang kultura bilang isang nakapirming bahagi ng nakaraan, maaaring gamitin ang lokal na salaysay upang maunawaan ng mga mag-aaral na ang kultura ay patuloy na nabubuo sa pamamagitan ng karanasan, pakikipag-ugnayan, at pagbabago. Ang ganitong pananaw ay umaayon sa *culturally relevant pedagogy* ni Ladson-Billings (1995), kung saan kinikilala ang kultura at karanasan ng mga mag-aaral bilang mahalagang bahagi ng proseso ng pagkatuto.

Kaugnay nito, mahalaga rin ang pagsasaalang-alang sa inklusibong edukasyon. Ipinakita ng pag-aaral na ang pagsasanib ng pananaw ng *insiders* at *outsider* ay nagpapakita na ang pagbuo ng kaalaman ay maaaring magmula sa iba't ibang posisyon at karanasan. Sa kontekstong pang-edukasyon, nangangahulugan ito ng pagbibigay ng espasyo sa iba't ibang paraan ng pagpapahayag, pag-unawa, at paglahok ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin nina Ainscow (2020), at Jordan (2026) na ang inklusibong edukasyon ay nangangailangan ng patuloy na pagtugon sa pagkakaiba-iba ng karanasan at pangangailangan ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, ang paggamit ng lokal na alamat bilang materyal sa pagkatuto ay maaaring makatulong upang maging mas representatibo at makabuluhan ang nilalaman ng edukasyon.

Bukod dito, ang mga simbolong tulad ng Basket Pulo at Tulay na Bato, gayundin ang sama-samang pagkilos ng pamayanan na inilalarawan sa pahayag na "parang iisang kumilos ang lahat upang tupdin ang utos," ay nagpapakita ng kahalagahan ng materyal at di-materyal na kultura bilang bahagi ng pagkatuto. Ipinahihiwatig ng bahaging ito ng alamat na ang pagharap ng komunidad sa pagkawala ng kanilang pinuno ay isinagawa sa pamamagitan ng kolektibong pagtutulungan at pagbabahagi ng pananagutan. Sa ganitong pagbasa, ang naratibo ay sumasalamin sa konsepto ng "bayanihan," isang pagpapahalagang Pilipino na nakaugat sa sama-samang pagkilos para sa kapakanan ng komunidad. Dahil dito, ang mga simbolo at pangyayaring nakapaloob sa alamat ay maaaring magsilbing makabuluhang daluyan upang maunawaan ng mga mag-aaral ang ugnayan ng alaala, identidad, pamanang kultural, at mga pagpapahalagang panlipunang patuloy na humuhubog sa buhay ng pamayanan.

Ang pagpapahalaga sa "bayanihan" ay hindi lamang tumutukoy sa pagtutulungan sa panahon ng pangangailangan kundi sa isang mas malalim na pagpapahalagang nakaugat sa sama-samang pananagutan, pakikiisa, at paglilingkod sa komunidad. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ang konsepto ng bayanihan ay may sinaunang pinagmulan sa mga pamayanang barangay sa Pilipinas, kung saan ang kolektibong paggawa ay mahalagang mekanismo ng pamumuhay, agrikultura, at pagharap sa mga suliraning panlipunan (Daquila, 2025). Ang kilalang paglilipat ng buong "bahay kubo" sa pamamagitan ng sama-samang lakas ng mga kasapi ng pamayanan ay nagsisilbing kongkretong sagisag ng pagpapahalagang ito at patuloy na kinikilala bilang mahalagang bahagi ng pamanang kultural ng bansa (Cultural Center of the Philippines, n.d.).

Sa pag-aaral ni Lagdameo-Santillan (2025), ipinakita na ang bayanihan ay maaaring magsilbing batayan sa paghubog ng *civic responsibility*, *social cohesion*, at *community engagement* sa pamamagitan ng edukasyon. Kaugnay nito, ang *Alamat ng Barangay Atulayan* ay maaaring magsilbing lokal na halimbawa kung paano naisasabuhay ang kolektibong pagkilos ng pamayanan sa harap ng krisis. Ang sama-samang pagtatayo ng Tulay na Bato at ang kolektibong pagdadala sa labi ni Haring Bungil ay nagpapakita na ang bayanihan ay hindi lamang isang gawaing pisikal kundi isang pagpapahayag ng pagkakaisa, pananagutan, at kolektibong pagkilos ng komunidad. Sa paggamit ng alamat bilang kagamitang panturo, hindi lamang natututuhan ng mga mag-aaral ang kasaysayan ng kanilang komunidad, kundi nahuhubog din

ang pagpapahalaga sa pagtutulungan, pakikiisa, at pananagutan sa kapuwa bilang mahahalagang sangkap ng inklusibo at kulturang sensitibong edukasyon.

May mahalagang implikasyon din ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya sa pagpapanatili at pagpapalaganap ng lokal na kaalaman. Ang alamat ay maaaring maisalin sa anyo ng *digital storytelling, multimedia presentation, digital mapping*, at iba pang malikhaing paraan ng paglalahad. Ipinapakita ni Robin (2008) na ang *digital storytelling* ay maaaring magsilbing makapangyarihang kagamitang panturo dahil pinagsasama nito ang naratibo, teknolohiya, at malikhaing pagpapahayag. Kaugnay nito, ipinakikita nina Shiri et al. (2021) at Demirović Bajrami (2024) na ang *digital approaches* ay maaaring maging mahalagang kasangkapan sa pagpapanatili at pagbabahagi ng mga pasalitang tradisyon at *intangible cultural heritage* habang pinananatili ang partisipasyon ng komunidad.

Kaugnay ng patuloy na pag-usbong ng mga digital na espasyo bilang daluyan ng pagbabahagi at pag-unawa sa mga salaysay, ipinakikita nina Jordan, Birdsell at Simat (2026) sa kanilang pagbuo ng *L.I.F.E. (Literary, Inclusive, Faith-based, and Empowered Digital Engagement) Framework* na ang mga naratibo ay maaaring muling mailahad sa mga makabagong anyo ng pagkatuto na nagtataguyod ng inklusyon, pakikilahok, at makabuluhang ugnayan sa pagitan ng teksto at mambabasa. Bagama't nakatuon ang kanilang pag-aaral sa representasyon ng mga taong may kapansanan sa Mabuting Balita ayon kay Lucas, ipinakikita ng kanilang balangkas ang kahalagahan ng paggamit ng mga salaysay bilang buhay na daluyan ng pagkilala, pagpapahalaga, at pagbuo ng kahulugan. Kaugnay nito, ang ganitong pananaw ay maaaring iangkop sa pagpapaunlad ng mga kagamitang panturo mula sa *Alamat ng Barangay Atulayan*, tulad ng *digital storytelling, multimedia materials*, at iba pang malikhaing paraan ng paglalahad, upang mapanatili ang lokal na kaalaman at mahikayat ang mga mag-aaral na maging aktibong kalahok sa pag-unawa at pagpapahalaga sa sariling kulturang pamana.

Sa pagbuo ng ganitong mga kagamitang panturo, mahalaga rin ang pagbibigay ng maraming paraan upang makilahok at maipakita ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa. Ang prinsipyong ito ay umaayon sa *Universal Design for Learning (UDL)*, na nagmumungkahi ng paggamit ng iba't ibang paraan ng representasyon, pakikilahok, at pagpapahayag upang matugunan ang magkakaibang pangangailangan, kakayahan, at paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral (CAST, 2018). Sa konteksto ng *Alamat ng Barangay Atulayan*, maaaring maisabuhay ang UDL sa pamamagitan ng paglalahad ng alamat sa iba't ibang anyo, tulad ng nakasulat na teksto, *audio narration*, larawan, mapa, *video, digital storytelling*, o iba pang multimodal na materyal. Sa ganitong paraan, hindi nakasalalay sa iisang paraan ng pagtanggap ng impormasyon ang pagkatuto, sapagkat nabibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong pumili ng paraang higit na angkop sa kanilang kakayahan at karanasan.

Higit pa rito, maaaring ilapat ang UDL sa paraan ng pagpapakita ng mga mag-aaral ng kanilang pag-unawa sa alamat. Halimbawa, maaari silang magsulat ng pagsusuri o repleksiyon, lumikha ng *digital story*, gumuhit ng *cultural map* ng komunidad, magsagawa ng pasalitang paglalahad, bumuo ng biswal na paglalahad ng mga simbolo ng alamat, o magsagawa ng panayam sa mga nakatatandang kasapi ng pamayanan. Ang ganitong mga alternatibong paraan ng pagpapahayag ay nagbibigay-daan upang kilalanin ang pagkakaiba-iba ng kakayahan, interes, karanasan, at paraan ng pakikilahok ng mga mag-aaral. Higit sa pagiging isang estratehiya para sa mga mag-aaral na may partikular na pangangailangan, ang UDL ay maaaring magsilbing pangkalahatang balangkas sa pagdidisenyo ng pagkatuto na bukas at naaabot ng mas maraming mag-aaral. Sa ganitong pananaw, ang lokal na alamat ay hindi lamang nagiging nilalamang pag-aaralan, kundi nagiging flexible at inklusibong lunsaran kung saan maaaring makilahok ang mga mag-aaral

Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

sa iba't ibang paraan habang nananatiling nakaugat ang kanilang pagkatuto sa kultura, kasaysayan, at karanasan ng sariling komunidad.

Sa pangkalahatan, ipinakikita ng pag-aaral na ang *Alamat ng Barangay Atulayan* ay maaaring magsilbing tulay sa pagitan ng komunidad at paaralan, tradisyunal na kaalaman at akademikong pagkatuto, at nakaraan at kasalukuyang karanasan. Ang pagsasama ng lokal na alamat sa edukasyon ay hindi lamang nakatutulong sa pagpapanatili ng pamanang kultural, kundi nagbubukas din ng pagkakataon para sa mas inklusibo, kulturang sensitibo, at makabuluhang proseso ng pagkatuto. Sa ganitong paraan, ang lokal na salaysay ay nagiging hindi lamang materyal sa pagtuturo kundi isang buhay na daluyan ng identidad, alaala, at patuloy na pagbuo ng kaalaman ng komunidad.

**Pangkalahatang Sintesis**

Sa kabuuan, ipinakita ng pag-aaral sa *Alamat ng Barangay Atulayan* na ang isang lokal na alamat ay maaaring basahin hindi lamang bilang salaysay ng pinagmulan ng isang pamayanan kundi bilang mahalagang daluyan ng kasaysayan, kultura, kolektibong alaala, pagkakakilanlan, at pagbuo ng kahulugan sa loob ng komunidad. Sa pagsusuri sa mga pangunahing paksa ng pag-aaral, lumitaw na magkakaugnay ang mga elemento ng espasyo, kabuhayan, kapangyarihan, tunggalian, sakripisyo, materyal na kultura, bayanihan, at pagbuo ng identidad. Ang mga ito ay hindi magkakahiwalay na bahagi ng alamat, kundi magkakasamang bumubuo sa mas malawak na salaysay hinggil sa pagbabago at pagpapatuloy ng pamayanan.

Sa unang bahagi ng pagsusuri, nakita na ang mga pook na binanggit sa alamat—kabilang ang Amuyao, Ilog Bung-awan, Pangahoy, at Tulay na Bato—ay may mahalagang papel sa paghubog ng karanasan at pagkakakilanlan ng komunidad. Sa pananaw ni Lefebvre (1991), ang espasyo ay hindi lamang pisikal na lugar kundi produkto ng mga gawaing panlipunan at mga kahulugang iniuugnay rito ng mga tao. Sa konteksto ng alamat, ang espasyo ay nagsisilbing tagpuan ng kabuhayan, pakikipag-ugnayan, tunggalian, alaala, at pagbabago. Dahil dito, ang heograpiya ng Atulayan ay hindi lamang nagsisilbing background ng kuwento kundi aktibong bahagi ng pagbuo ng kasaysayan at identidad ng pamayanan.

Kaugnay nito, ipinakita rin ng pagsusuri na ang mga pangyayaring may kinalaman sa pamumuno at pagpapatalsik sa mga pangkat ay maaaring basahin bilang salaysay ng kapangyarihan at pagbubukod. Ang tunggalian sa pagitan ng mga pangkat at ang pamumuno ni Haring Bungil ay nagpapakita na ang pagbuo ng komunidad ay may kasamang proseso ng negosasyon sa teritoryo, awtoridad, at pagkakakilanlan. Sa paggamit ng pananaw ni Foucault (1980), naging posible ang mas kritikal na pagbasa sa mga mekanismo ng kapangyarihang nakapaloob sa naratibo. Gayunman, ang interpretasyong ito ay hindi nangangahulugang itinuturing ang alamat bilang tuwirang dokumentaryong tala ng kasaysayan; sa halip, binabasa ito bilang kultural na salaysay na nag-iingat ng mga paraan kung paano naaalala at inuunawa ng komunidad ang kanilang nakaraan.

Mahalaga rin sa kabuuang sintesis ang papel ng kamatayan ni Haring Bungil, Basket Pulo, at Tulay na Bato bilang mga tagapagdala ng alaala. Ang kamatayan ng pinuno ay naging mahalagang punto ng pagbabago sa naratibo, samantalang ang Basket Pulo at Tulay na Bato ay nagsilbing materyal at simbolikong daluyan ng kolektibong gunita. Kaugnay ng mga konsepto nina Halbwachs (1992), Assmann (2011), at Nora (1989), ipinakita na ang alaala ay maaaring mapanatili hindi lamang sa pamamagitan ng pagsasalaysay kundi maging sa pamamagitan ng mga bagay, lugar, simbolo, at gawaing kultural. Sa

ganitong pananaw, ang materyal na kultura ng Atulayan ay nagiging mahalagang bahagi ng pagpapatuloy ng pagkakakilanlan ng komunidad mula sa nakaraan tungo sa kasalukuyan.

Kasabay nito, ang bayanihan at sama-samang pagtatayo ng tulay ay lumitaw bilang mahalagang halimbawa ng kolektibong pagkilos. Ang pagtatayo ng Tulay na Bato ay maaaring unawain hindi lamang bilang pagtugon sa isang pisikal na hadlang kundi bilang proseso ng muling pag-oorganisa ng ugnayan ng mga tao at ng kanilang espasyo. Sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos, ang isang pisikal na lugar ay nagkaroon ng panibagong kahulugan bilang simbolo ng pagkakaisa, sakripisyo, at pagpapatuloy. Dahil dito, ang bayanihan sa alamat ay maaaring basahin bilang pagpapahalagang panlipunan na nag-uugnay sa indibidwal na karanasan at kolektibong pananagutan.

Sa huli, ang pagbuo ng pangalang "Atulayan" ay naging mahalagang simbolikong pagtatapos ng prosesong ito. Ang pangalan ay hindi lamang nagsisilbing heograpikal na katawagan kundi naglalaman ng alaala ng isang karanasan at ng pagbabagong pinagdaanan ng komunidad. Sa ganitong paraan, ang Atulayan ay lumilitaw bilang isang espasyong may maraming patong ng kahulugan—isang lugar ng dating paninirahan, tunggalian, pagkawala, pagtutulungan, at panibagong pagkakakilanlan. Ang pangalan mismo ay nagiging paalala na ang identidad ng isang komunidad ay patuloy na nabubuo sa pamamagitan ng mga karanasang naiiwan sa alaala at naipapasa sa mga susunod na salinlahi.

Mahalagang bahagi rin ng pag-aaral ang pagsasanib ng pananaw ng *cultural insiders* at *academic outsider*. Batay sa RTA nina Braun at Clarke (2021), ipinakita na ang kahulugan ng alamat ay hindi simpleng natutuklasan mula sa teksto kundi aktibong nabubuo sa ugnayan ng datos, mananaliksik, teoretikal na lente, at konteksto. Nagkaroon ng malawak na pagkakatugma ang *insiders* at *outsider* sa pagkilala sa kahalagahan ng espasyo, kapangyarihan, sakripisyo, alaala, bayanihan, at identidad. Ang pangunahing pagkakaiba ay higit na nakasalalay sa antas at paraan ng pagpapakahulugan: ang *insiders* ay nakaugat sa lokal na karanasan at kolektibong alaala, samantalang ang *outsider* ay gumagamit ng mga konseptuwal at teoretikal na balangkas upang palawakin at kritikal na suriin ang mga kahulugang ito. Sa halip na maging hadlang, ang pagkakaibang ito ay naging mahalagang bahagi ng mas balanseng interpretasyon.

Mula sa kabuuang mga natuklasan, lumitaw din ang mahalagang implikasyon ng alamat para sa edukasyon. Ang lokal na salaysay ay maaaring magsilbing tulay sa pagitan ng paaralan at komunidad, akademikong kaalaman at lokal na karanasan, at tradisyunal na kaalaman at makabagong paraan ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng *place-based education* (Gruenewald, 2003; Sobel, 2004), *culturally relevant pedagogy* (Ladson-Billings, 1995), *inclusive education* (Ainscow, 2020; Jordan, 2026), at *Universal Design for Learning* (CAST, 2018), maaaring gamitin ang alamat bilang kontekstuwalisado at inklusibong kagamitang panturo. Maaari rin itong maisalin sa *digital storytelling, multimedia, mapping,* at iba pang anyo ng makabagong paglalahad upang mapanatili at maipasa ang lokal na kaalaman sa mga susunod na henerasyon.

Sa pangkalahatan, ipinakikita ng pag-aaral na ang *Alamat ng Barangay Atulayan* ay higit pa sa isang kuwento tungkol sa pinagmulan ng isang lugar. Ito ay isang buhay na tekstong kultural kung saan nagtatagpo ang espasyo, kasaysayan, kapangyarihan, alaala, materyal na kultura, bayanihan, at identidad. Ipinakikita rin nito na ang kahulugan ng isang alamat ay hindi nananatiling nakapirmi; patuloy itong nabubuo at nababago sa bawat salinlahi, tagapagkuwento, tagapagbasa, at kontekstong panlipunan. Sa pagsasanib ng lokal na kaalaman at akademikong pagsusuri, mas malinaw na nauunawaan ang Atulayan bilang isang pamayanang ang pagkakakilanlan ay patuloy na hinuhubog ng alaala ng nakaraan, karanasan ng kasalukuyan, at pananaw para sa hinaharap. Sa gayon, ang pinakamahalagang ambag ng pag-aaral ay

ang pagpapakita na ang lokal na alamat ay maaaring magsilbing tulay sa pagitan ng alaala at kasaysayan, espasyo at identidad, kultura at edukasyon, at lokal na karanasan at akademikong kaalaman. Sa halip na manatili lamang bilang isang salaysay na ipinapasa sa pamamagitan ng oral na tradisyon, ang *Alamat ng Barangay Atulayan* ay maaaring kilalanin bilang mahalagang pamanang kultural at *pedagogical resource* na patuloy na nagbibigay-kahulugan sa pagkatao, lugar, at pagkakaisa ng komunidad.

**KONKLUSIYON**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na mga konklusyon:

1. **Ipinakita ng pagsusuri na ang mga espasyong binanggit sa Alamat ng Barangay Atulayan, tulad ng Amuyao, Ilog Bung-awan, Pangahoy, at Tulay na Bato, ay higit pa sa mga pisikal na lugar.**

   Ang mga ito ay nagsisilbing mga espasyong panlipunan at kultural kung saan nahuhubog ang kolektibong alaala, kabuhayan, at pagkakakilanlan ng komunidad.

2. **Lumitaw na ang alamat ay nagsisiwalat ng mga ugnayan ng kapangyarihan, tunggalian, at pagbabago sa loob ng pamayanan.**

   Ang mga pangyayari kaugnay ng Baluga, Aeta, at Haring Bungil ay nagpapakita kung paano nakaaapekto ang kapangyarihan sa paghubog ng teritoryo, identidad, at kaayusang panlipunan.

3. **Ipinakita rin ng pag-aaral na ang mga simbolo tulad ng Basket Pulo, bayanihan, at Tulay na Bato ay nagsisilbing tagapagdala ng kolektibong alaala at pamanang kultural.**

   Ang mga ito ay kumakatawan sa sakripisyo, pagkakaisa, at pagpapatuloy ng identidad ng komunidad.

4. **Napatunayan na ang paggamit ng insider–outsider positionality at Reflexive Thematic Analysis ay nagbigay ng mas malalim at mas balanseng interpretasyon ng alamat.**

   Ang lokal na kaalaman ng mga *insider* at ang kritikal na pagsusuri ng *outsider* ay nagbunga ng isang repleksibo na pag-unawa na kinikilala ang parehong karanasan at akademikong pananaw.

5. **Lumitaw na ang pagkakatugma at pagkakaiba ng interpretasyon ng mga insider at outsider ay hindi nagsisilbing hadlang sa pagbuo ng kaalaman.**

   Sa halip, ang kanilang pagsasanib ay nagpalawak sa pag-unawa sa alamat bilang isang tekstong kultural na patuloy na binibigyang-kahulugan sa loob ng komunidad at sa larangan ng akademya.

6. **Ipinakikita ng pag-aaral na ang Alamat ng Barangay Atulayan ay may mahalagang ambag sa pagpapaunlad ng inklusibo at kulturang sensitibong edukasyon.**

   Bilang batis ng lokal na kaalaman at kolektibong alaala, maaari itong magsilbing kontekstuwalisadong kagamitang panturo na nagtataguyod ng *place-based education, culturally responsive teaching*, at iba pang makabagong estratehiya sa pagkatuto.

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

**Mga Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan at konklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda ang sumusunod:

1. **Pagpapatuloy ng dokumentasyon at pangangalaga sa lokal na pamanang kultural.**

   Hikayatin ang mga lokal na pamahalaan, paaralan, at mga organisasyong pangkultura na sistematikong maidokumento at mapreserba ang mga alamat, kuwentong-bayan, tradisyong pasalita, at iba pang lokal na kaalaman upang mapanatili ang kolektibong alaala at pagkakakilanlan ng komunidad.

2. **Pagpapalawak ng pananaliksik hinggil sa kasaysayan at kulturang lokal.**

   Magsagawa ng mga susunod na pag-aaral na gumagamit ng oral history, etnograpiya, *archival research*, at iba pang kwalitatibong pamamaraan upang higit na mapalalim ang pag-unawa sa mga tauhan, lugar, at pangyayaring nakapaloob sa *Alamat ng Barangay Atulayan* at sa iba pang lokal na alamat ng Calauag at mga karatig na pamayanan.

3. **Pagsusulong ng repleksibo at kulturang sensitibong pananaliksik**

   Hikayatin ang mga susunod na mananaliksik na gamitin ang *reflexive approach* at *insider–outsider positionality* sa pagsusuri ng mga lokal na salaysay upang maging mas etikal, mapanuri, at may paggalang sa kaalaman at karanasan ng komunidad.

4. **Pagpapalakas ng *community-based* at *collaborative research***

   Palawakin ang pakikipagtulungan ng mga pamayanang lokal, mga paaralan, at mga institusyong pang-akademiko sa pagdodokumento, pagsusuri, at pagpapalaganap ng lokal na kasaysayan at panitikang-bayan upang matiyak na ang pagbuo ng kaalaman ay nakabatay sa aktibong partisipasyon ng komunidad.

5. **Integrasyon ng lokal na alamat sa kurikulum at mga kagamitang panturo.**

   Isama ang *Alamat ng Barangay Atulayan* at iba pang lokal na salaysay sa pagbuo ng mga kontekstuwalisadong kagamitang panturo sa Filipino, Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at iba pang kaugnay na asignatura upang maisulong ang *place-based education, culturally responsive teaching,* at inklusibong pagkatuto.

6. **Paglinang ng mga makabagong paraan ng pagpapalaganap ng lokal na kaalaman**

   Bumuo ng mga *digital storytelling project, multimedia learning resources, interactive digital maps, audio-visual documentation,* at iba pang *digital heritage initiatives* upang

mapanatiling buhay at higit na maipakilala sa kabataang henerasyon ang lokal na kultura at panitikang-bayan.

## SANGGUNIAN

Ahi, B., Yaya, D., & Ozsoy, S. (2014). The concept of environment in folktales from different cultures: Analysis of content and visuals. *International Electronic Journal of Environmental Education*, *4*(1), 1–17. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1060556.pdf

Ainscow, M. (2020). Promoting inclusion and equity in education: Lessons from international experiences. *Nordic Journal of Studies in Educational Policy*, *6*(1), 7–16. https://doi.org/10.1080/20020317.2020.1729587

Alam, Z. (2026). People and leadership: Ontological foundations, historical agency, and the ethics of transformative change. *Journal of Human Resource Management*, *14*(2), 179–193. https://doi.org/10.11648/j.jhrm.20261402.18

Almeda, V. L., Sy, J. M. C., Aban, A. P., & Tabiola, H. B. (2023). *25 years of IPRA: The Indigenous Peoples' struggle continues*. Center for Integrative and Development Studies, University of the Philippines.

Apriyanto, J., Rochwulaningsih, Y., Sulistiyono, S. T., & Rinardi, H. (2026). Belasting, local elites, and Indigenous resistance in Gorontalo, Indonesia, 1856–1942. *Journal of Maritime Studies and Historical Heritage*, *4*(1), 45–58.

Aspiras, E., & Aspiras, L. (2023). *Gendered community leadership: Rekindling bayanihan spirit among Indigenous Peoples amidst COVID-19 pandemic*. OSF Preprints. https://doi.org/10.17605/OSF.IO/BVS79

Bandura, A. (2000). Exercise of human agency through collective efficacy. *Current Directions in Psychological Science*, *9*(3), 75–78. https://doi.org/10.1111/1467-8721.00064

Barretto-Tesoro, G. (2003). Burial goods in the Philippines: An attempt to quantify prestige values. *Southeast Asian Studies*, *41*(3), 299–315. https://doi.org/10.20495/tak.41.3_299

Bhatt, D. C., & Bhatt, G. D. (2026). Does migration transform tradition? Evidence of socio-cultural change in the Tharu community of Krishnapur Municipality, Nepal. *International Journal of Scientific Research and Management*, *14*(3), 2654–2660. https://doi.org/10.18535/ijsrm/v14i03.sh06

Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology*, *3*(2), 77–101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa

Braun, V., & Clarke, V. (2019). Reflecting on reflexive thematic analysis. *Qualitative Research in Sport, Exercise and Health*, *11*(4), 589–597. https://doi.org/10.1080/2159676X.2019.1628806

Braun, V., & Clarke, V. (2020). Can I use TA? Should I use TA? Should I not use TA? Comparing reflexive thematic analysis and other pattern-based analytic approaches. *Counselling and Psychotherapy Research*, *21*(1), 37–47. https://doi.org/10.1002/capr.12360

Braun, V., & Clarke, V. (2021). One size fits all? What counts as quality practice in (reflexive) thematic

analysis? *Qualitative Research in Psychology*, *18*(3), 328–352. https://doi.org/10.1080/14780887.2020.1769238

Calauag Teachers. (1963, February 17). *Compilation of the legends of Calauag* (Revised manuscript). Calauag Municipal Library, Calauag, Quezon, Philippines.

CAST. (2018). *Universal Design for Learning Guidelines version 2.2*. http://udlguidelines.cast.org

Cultural Center of the Philippines. (n.d.). *Bayanihan Dance Company*. https://culturalcenter.gov.ph/resident-companies/bayanihan-dance-company/

Daquila, G. (2025, May 26). *Living in the barangay: Unveiling the societal tapestry of pre-colonial Philippines: A multidisciplinary exploration of indigenous governance, social cohesion, and cultural resilience before western colonization*. Gerald Daquila Blog. https://geralddaquila.com/2025/05/26/living-in-the-barangay-unveiling-the-societal-tapestry-of-pre-colonial-philippines/

Demirović Bajrami, D. (2024). Preservation of intangible cultural heritage through digital storytelling. In *Conference on Cultural Heritage and Sustainable Development* (pp. 52–61). https://doi.org/10.46793/CSGE5.52DDB

Department of Education. (2011, August 8). *DepEd Order No. 62, s. 2011: Adopting the National Indigenous Peoples (IP) Education Policy Framework*. Republic of the Philippines. https://www.deped.gov.ph/2011/08/08/do-62-s-2011-adopting-the-national-indigenous-peoples-ip-education-policy-framework/

Department of Education. (2015, July 29). *DepEd Order No. 32, s. 2015: Adopting the Indigenous Peoples Education Curriculum Framework*. Republic of the Philippines. https://www.deped.gov.ph/2015/07/29/do-32-s-2015-adopting-the-indigenous-peoples-education-curriculum-framework/

Department of Education. (2021). *DepEd Order No. 44, s. 2021: Policy guidelines on the provision of educational programs and services for learners with disabilities in the K to 12 Basic Education Program*. Republic of the Philippines. https://www.deped.gov.ph/

Dungdung, M. (2026). Integrating Indigenous Knowledge System in Education for Sustainable Development in India. *International Journal of Science and Research*, *15*(4), 719–725. https://doi.org/10.21275/SR26407190000

Dwyer, S. C., & Buckle, J. L. (2009). The space between: On being an insider-outsider in qualitative research. *International Journal of Qualitative Methods*, *8*(1), 54–63. https://doi.org/10.1177/160940690900800105

Eslit, E. R. (2025). *Echoes of fading narratives: Protecting Mindanaoan folklore through AI and dynamic community engagement* [Preprint]. Research Square. https://doi.org/10.20944/preprints202505.0794.v1

Foucault, M. (1980). *Power/Knowledge: Selected interviews and other writings, 1972–1977* (C. Gordon, Ed.). Pantheon Books.

Frye, N. (2020). *Anatomy of criticism: Four essays* (D. Damrosch, Ed.; Princeton Classics ed.). Princeton University Press. https://press.princeton.edu/books/paperback/9780691202563/anatomy-of-

criticism

Geertz, C. (1973). *The interpretation of cultures*. Basic Books.

Google. (n.d.). *Google Earth* [Interactive map]. Retrieved August 20, 2026, from https://earth.google.com/

Gruenewald, D. A. (2003). The best of both worlds: A critical pedagogy of place. *Educational Researcher*, *32*(4), 3–12. https://doi.org/10.3102/0013189X032004003

Jordan, R. D. (2026). *Extent of implementation of the DepEd inclusive education policy in the National Capital Region toward enhanced program implementation* [Unpublished doctoral dissertation]. National University (NU Laguna).

Jordan, R. D., Birdsell, N. N., & Simat, M. S. M. (2026). Kapansanan, dignidad, at inklusyon sa Mabuting Balita ayon kay Lucas: Isang literary disability criticism at intergenerational na pagbasa ng Millennials at Gen Z. *DALUMAT: Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*, *1*(2), 656–690. https://doi.org/10.5281/zenodo.2127316

Jordan, R. D., & Simat, M. S. (2026, June). Ekokritikal na dekonstruksiyon ng Alamat ng Calauag: Kalikasan, kolektibong gunita, at pagkakakilanlang pampamayanan. *LUKAD: An Online Journal of Pedagogy*, *5*(1), 255–281. https://lukad.org/volume-5-issue-1/

Jordan, R. D., & Simat, M. S. M. (2026, July 17). *Feministang dekonstruksyon ng Alamat ng Mal-ay bilang balangkas ng ekstensyong pampamayanan* [Conference presentation]. 2026 International Virtual Conference: The Transformative Role of Research in Career Advancement and Community Development, International Society of Transdisciplinary Researchers, Educators & Leaders Inc.

Jung, C. G. (1969). *The collected works of C. G. Jung* (Vol. 9, Part 1: Archetypes and the collective unconscious; G. Adler, Ed.; R. F. C. Hull, Trans.). Princeton University Press. [suspicious link removed]

Kitagawa, K. (2023). Researcher positionality in participatory action research for climate justice in Indigenous communities. *International Journal of Qualitative Methods*, *22*, 1–15. https://doi.org/10.1177/16094069231205178

Kumala, S. A., Kastri, E. M., & Firdaus, W. (2026). Toponymy, identity, and place attachment: Toponym Karawaci and Cina Benteng Community in Tangerang, Banten. *SAWERIGADING*, *32*(1), 45–59. https://doi.org/10.26499/sawer.v32i1.1705

Ladson-Billings, G. (1995). Toward a theory of culturally relevant pedagogy. *American Educational Research Journal*, *32*(3), 465–491. https://doi.org/10.3102/00028312032003465

Lagdameo-Santillan, K. (2025, March 27). *Roots of Filipino Humanism (2): "Bayanihan."* Pressenza International Press Agency. https://www.pressenza.com/2025/03/roots-of-filipino-humanism-2-bayanihan

Lefebvre, H. (1991). *The production of space* (D. Nicholson-Smith, Trans.). Wiley-Blackwell.

Mahuika, N. (2019). Oral history and indigenous people. In *Rethinking oral history and tradition* (pp. 1–15). Oxford University Press. https://doi.org/10.1093/oso/9780190681685.003.0001

National Museum of the Philippines. (2021, November 9). *Mortuary vessels*. https://www.nationalmuseum.gov.ph/2021/11/09/mortuary-vessels/

Nora, P. (1989). Between memory and history: Les lieux de mémoire. *Representations*, *26*, 7–24. https://doi.org/10.2307/2928520

Olaopa, O., & Ogundare, S. (2023). Traditional leadership, indigenous knowledge, and local governance: Implications for good governance and sustainable development agenda. In *Indigenous people: Traditional practices and modern development*. IntechOpen. https://doi.org/10.5772/intechopen.1003144

Pepito, R. (2025). The Dáyung spirit: An ethnographic tribute to resilience and solidarity in the face of adversity. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, *33*(9), 1024–1029. https://doi.org/10.70838/pemj.330904

PhilAtlas. (2018–2026). *Santo Angel, Calauag, Quezon: Profile and demographics*. https://www.philatlas.com/luzon/r04a/quezon/calauag/santo-angel.html

PhilAtlas. (2026). *Atulayan, Calauag, Quezon: Profile and demographics*. https://www.philatlas.com/luzon/r04a/quezon/calauag/atulayan.html

Republic of the Philippines. (1997, October 29). *Republic Act No. 8371: An act to recognize, protect and promote the rights of indigenous cultural communities/indigenous peoples, creating a National Commission on Indigenous Peoples, establishing implementing mechanisms, appropriating funds therefor, and for other purposes (The Indigenous Peoples' Rights Act of 1997)*. Supreme Court E-Library. https://elibrary.judiciary.gov.ph/thebookshelf/showdocs/2/2562

Republic of the Philippines. (2013, May 15). *Republic Act No. 10533: An act enhancing the Philippine basic education system by strengthening its curriculum and increasing the number of years for basic education, appropriating funds therefor and for other purposes*. Official Gazette. https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/

Robin, B. R. (2008). Digital storytelling: A powerful technology tool for the 21st century classroom. *Theory Into Practice*, *47*(3), 220–228. https://doi.org/10.1080/00405840802153916

Romero Castro, M. del R. (2022). Indigenous peoples: Resistance and resilience. *Ra Ximhai*, *18*(5), 112–128.

Roy, N., & Sen, M. (2026). From oral tradition to digital archive: The transformation of indigenous storytelling practices in the age of social media and streaming platforms. *International Journal of Multidisciplinary Academic Research and Trends*, *2*(3), 88–102.

Sawi, E. P. (2025). Hybrid leadership in Mountain Province: Assessing indigenous and modern governance among notable mayors. *Digital Journal Philippines*, *5*(1), 69–83. https://doi.org/10.62718/vmca.bf-baiij.5.1.SC-0625-004

Sedrez, M., & Gosman, P. (2026). Architecture of belonging: Activating residual spaces for Indigenous people. *UOU Scientific Journal*, *11*, 78–89. https://doi.org/10.14198/UOU.2026.11.09

Shiri, A., Howard, D., & Farnel, S. (2021). Indigenous digital storytelling: Digital interfaces supporting cultural heritage preservation and access. *The International Information & Library Review*, *54*(2), 93–114. https://doi.org/10.1080/10572317.2021.1946748

Siswanto, S. (2026). Toponymy in the mythology of the Kwadeware Sentani community: Representation of identity and cultural ecology. *Sabda: Jurnal Kajian Kebudayaan*, *21*(1), 154–169. https://doi.org/10.14710/sabda.21.1.154-169

Smith, L. T. (2021). *Decolonizing methodologies: Research and Indigenous peoples* (3rd ed.). Zed Books.

Sobel, D. (2004). *Place-based education: Connecting classrooms and communities*. Orion Society.

Starfield, S. (2013). Researcher reflexivity. In C. A. Chapelle (Ed.), *The encyclopedia of applied linguistics* (pp. 1–8). Wiley-Blackwell. https://doi.org/10.1002/9781405198431.wbeal1011

Starfield, S. (2025). Researcher reflexivity. In C. A. Chapelle & K. Toohey (Eds.), *The encyclopedia of applied linguistics* (2nd ed., pp. 1–9). Wiley-Blackwell. https://doi.org/10.1002/9781405198431.wbeal1011.pub2

Steward, J. H. (1955). *Theory of culture change: The methodology of multilinear evolution*. University of Illinois Press.

Su, Y., Mangada, L., & Pacoma, A. J. (2024). Beyond bayanihan: Overcoming myths of community resilience in Typhoon Haiyan post-disaster recovery. In *Disasters in the Philippines* (pp. 267–286). Policy Press. https://doi.org/10.1332/policypress/9781529222906.003.0013

Tadi, N., & Eichir, L. (2026). Material signs, ritual performance, and indigenous communication: Re-reading Nyishi folk media through semiotics. *International Journal for Multidisciplinary Research*, *8*(3), 101–115. https://doi.org/10.36948/ijfmr.2026.v08i03.82252

Tent, J., & Blair, D. (2011). Motivations for naming: The development of a toponymic typology for Australian placenames. *Names*, *59*(2), 67–89. https://doi.org/10.1179/002777311X12976826704000

United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. (2003). *Convention for the Safeguarding of the Intangible Cultural Heritage*. UNESCO Digital Library. https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000132540

Upasani, S. D., & Murugkar, K. (2024). Investigating role of intangible cultural heritage in constructing the phenomenon of Narmada River Parikrama. *International Research Journal on Advanced Engineering and Management*, *2*(4), 993–999. https://doi.org/10.47392/IRJAEM.2024.0132

Uktolseja, Z., Watloly, A., Pelupessy, P. J., & Matakena, F. (2026). Ecotourism, cultural identity, and social transformation in indigenous island communities: Evidence from Hukurila, Indonesia. *KOMUNITAS: Jurnal Ilmu Sosiologi*, *9*(1), 68–87. https://doi.org/10.30598/komunitasvol9issue1page68-87

Zermeño, A. (2022). Indigenous rituals as cultural forms of collective action. In *The Wiley-Blackwell encyclopedia of social and political movements*. Wiley. https://doi.org/10.1002/9780470674871.wbespm576